***UNITED STATES DISTRICT COURT***
***NORTHERN DISTRICT OF CALIFORNIA***

**HUKUMAN NG DISTRITO NG ESTADO NG CALIFORNIA**
**HILAGANG DISTRITO NG CALIFORNIA**

| | |
|---|---|
| KINNEY KINMON LAU, et al.,<br><br>Mga Nagsasakdal,<br><br>v.<br><br>SAN FRANCISCO UNIFIED SCHOOL DISTRITO,<br><br>Mga Nasasakdal. | No. C70-0627 CW<br><br>JUDGE CLAUDIA WILKEN |
| UNITED STATES OF AMERICA,<br><br>Mga Tagapamagitan. | |

CONFIDENTIAL

**MODIFIED CONSENT DECREE**
**(MINODIPIKANG KASUNDUAN UPANG MARESOLBA ANG ISANG ALITAN NANG HINDI UMAAMIN SA KASALANAN)**

Binalik-aral na ng Hukuman ang mga probisyon ng Modified Consent Decree ("MCD") na ito at nakitang ang mga ito ay patas, makatarungan, at makatuwiran; produkto ng isang negosasyong pinagtulungang mabuti at ginawa nang may mabuting layunin; at konsistent sa mga layunin ng Titulo VI ng Civil Rights Act (Batas ukol sa Karapatang Sibil) ng 1964, 42 U.S.C. § 2000d *et seq.* ("Titulo VI"), na siyang nagbunsod ng mga hain sa makasaysayang kasong ito. Nang naaayon dito, inaprubahan ng Hukuman ang mga nakasulat na aplikasyon ng mga Partido upang halinhinan ang iniutos ng hukuman na Master Plan (Pangunahing Plano) noong 2008 sa MCD na ito. Ayon sa ipinaliwanag sa naturang aplikasyon, inaasahan ng mga Partido na ang

ganap na pagsunod nang may mabuting layunin ng Nasasakdal na Distrito ng San Francisco Unified School sa MCD na ito ay humantong sa pagkatiwalag ng kasong ito sa panahon ng taglagas sa 2018.

DITO, KUNG GAYUN, IPINAG-UUTOS, PINAGKAISAHAN, AT PINAGPASYAHAN na ang mga probisyon ng MCD na ito ang siyang maging Utos ng Hukumang ito. Ang MCD na ito ang papalit sa lahat ng mga dating utos, at pananatilihin ng Hukumang ito ang hurisdiksyon sa kasong ito hanggang sa matapos ito ayon sa itinakda sa Talata 109 o hanggang sa magkaroon ng karagdagang utos mula sa Hukuman.

CONFIDENTIAL

## TALAHANAYAN NG MGA NILALAMAN


**I. PANIMULA** .......... 5

**II. KASAYSAYAN NG MGA NANGYARING KAGANAPAN** .......... 5

**III. MGA DEPINISYON** .......... 7

**IV. PAGKILALA SA AT PAGSASALUGAR NG MGA ENGLISH LEARNER** .......... 18

**A. Pagkilala sa mga English Learner** .......... 18

**B. Pagtatasa ng mga English Learner** .......... 19

**C. Pagsasalugar ng mga English Learner** .......... 21

**D. Muling Pagkaklasipika ng mga English Learner at Pagmomonitor ng mga RFEP** .......... 24

**V. MGA SERBISYO PARA SA EL** .......... 26

**A. Mga Iniaatas para sa Lahat ng mga Modelo sa Pagtuturo** .......... 26

**B. Mga Espesipikong Modelo ng Pagtuturo** .......... 30

**C. Akses sa Gifted at Talentado** .......... 32

**D. Student Success Teams (Mga Pangkat para sa Tagumpay ng Mag-aaral)** .......... 34

a. *Paglikha ng IEP*: .......... 37

b. *Akses ng Mag-aaral na EL at ng Magulang/Tagapagbantay ng LEP sa prosesong IEP*: .......... 39

**VI. MGA KAWANING MAGTUTURO AT IBA PANG MGA TAUHAN** .......... 41

**A. Mga Kwalipikasyon, Pagkuha at Pagre-rekrut** .......... 41

**B. Propesyunal na Pag-undlad.** .......... 43

84. Ang Distrito ay magbibigay ng mga tauhang makikipagtulungan sa mga EL, kasama ang mga kawaning magtuturo at mga administrador sa antas ng paaralan at sa antas ng Distrito, na may propesyunal na pag-unlad upang matulungan sila sa pagpapaganap ng mga mga tungkuling inilarawan sa sa MCD na ito. .......... 43

85. Dagdag pa sa anumang propesyunal na pag-unlad na natukoy saan man sa dokumentong ito, ang Distrito ay magbibigay ng mga sumusunod na propesyunal na pag-unlad, ayon sa uri ng empleyado: .......... 43

**VII. MGA KOMUNIKASYON NG MAGULANG/TAGAPAGBANTAY, OUTREACH, AT ENGAGEMENT** .......... 46

**A. Mga Komunikasyon ng Magulang/Tagapagbantay** .......... 46

**B. Outreach at Engagement ng Magulang/Tagapagbantay** .......... 52

**VIII. HUKUMAN AT MGA PAARALAN NG COUNTY** .......... 54

**IX. PAGMOMONITOR** .......... 54

101. Internal Oversight Committee (Komite para sa Internal na Pagbabantay). .......... 54

**X. PAG-UULAT** .......... 59


CONFIDENTIAL

**XI. PAGPAPAIRAL** .......... 67

CONFIDENTIAL

## I. PANIMULA

1. Ipinapakita ng MCD ang pinagbabahaginang layunin na ang lahat ng mga mag-aaral, kabilang na ang mga English Learner ("ELs" o mga Nag-aaral na Matuto ng English), sa San Francisco Unified School Distrito ("SFUSD" o "Distrito") ay may pantay-pantay na pagkakataon na makapag-akses ng kanyang kurikulum, mga programa, serbisyo, at gawain, at matuto sa mga walang diskriminasyong kapaligiran na ligtas, sumusuporta, at na-aakses ng lahat ng mag-aaral anuman ang kanilang wika.

## II. KASAYSAYAN NG MGA NANGYARING KAGANAPAN

2. Kasunod ng isang kapasyahan noong Enero 21, 1974, mula sa Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos na ang Distrito ay lumabag sa Titulo VI ng Batas Ukol sa mga Karapatang Sibil ng 1964, ang mga Pribadong Nagsasakdal (Kinney Kinmon Lau, et al.), ang Nagsasakdal-Tagapamagitan ang Estados Unidos (magkasama, ang "Mga Nagsasakdal"), at ang Distrito (magkakasama, ang "Mga Partido") ay nagtakda ng mga tadhana ng orihinal na Consent Decree, na isinampa noong Oktubre 22, 1976, at inaprubahan ng Hukumang ito.

3. Noong Setyembre 11, 2008, inaprubahan ng Hukumang ito ang pangunahing plano para sa Master Plan for Multilingual Education ("Master Plan" o "Plano") o Pangunahing Plano para sa Edukasyong May Maramihang Wika) na siyang pumalit sa orihinal na Consent Decree (sa hangganan ng anumang hindi konsistent na wika). Nagsimula noong taon ng pagpasok 2008-2009, ang mga Partido ay sumali sa mga malawakang komunikasyon ukol sa mga implementasyon ng Distrito sa Plano. Noong Marso at Mayo 2010, Mayo 2011, Mayo 2012, at Nobyembre 2014, ang Mga Nagsasakdal ay nagsagawa ng mga pagbisita sa site (kung saan isinama ang pangangalap at pagbibigay ng Distrito ng daan-daang mga dokumento nang maaga pa sa ilang mga pagbisita): nag-ikot sa isang seleksyon ng mga paaralan sa Distrito na

CONFIDENTIAL

may isang eksperto sa edukasyon ng EL,  kinapanayam ang mga punong-guro at ang mga Administrador ng Distrito, at nagsagawa ng mga pulong sa komunidad at mga pribadong panayam sa mga magulang at mga mag-aaral ukol sa mga patakaran ng Distrito at mga gawing kaugnay ng paglilingkod sa mga EL at sa kanilang mga pamilya.  Sa panahong iyon, ang Distrito ay nagsampa rin ng komprehensibong Taunang mga Ulat sa Hukuman sa kada Setyembre 15.

4. Mula pa noong pagtibayin ang Plano 2008, nagkaroon na ng progreso ang SFUSD sa pagpapairal ng mga iniaatas ng Plano. Sa hangganang pinagtatalunan ng mga Partido ang antas ng pagsunod sa ilang mga larangan, pinili na nila na resolbahin ang mga naturang pinagtatalunang ito sa pamamagitan ng MCD na ito kaysa dalahin pa sa hukuman ang mga naturang isyu.

5. Mula pa noong 2009, batay sa mga impormasyon mula sa Mga Taunang Ulat ng Distrito, sa mga pagbisita sa site, at sa mga komunikasyon mula sa mga miyembro ng komunidad, ang mga Nagsasakdal ay konsistent sa pakikipagkomunikasyon ng kanilang mga alalahanin tungkol sa mga espisipikong aspeto ng pagsunod ng Distrito sa Plano sa pamamagitan ng mga sulat, email, mga komperensiya sa telepono, at mga pulong.  Kinikilala ng mga Partido na bagama't ang Distrito ay naging konsistent sa pagsasali sa mMga Nagsasakdal upang maharap ang ilang mga pangunahing alalahanin at makapagsagawa na ng mga hakbang upang mapabuti ang mga serbisyo at ang pagsunod dito, ang Distrito ay hindi pa rin nakakasunod sa 2008 Plan.

6. Ang Mga Partido ay pumayag na nang may mabuting layunin at nakipagkasunduan na ng mga tadhana ng MCD na ito, na siyang papalit sa Setyembre 11, 2008 na Kautusan, at naglalayong pasunurin ang Distrito sa Titulo VI sa loob ng tatlong taon sa mga site na sakop ng MCD na ito.

CONFIDENTIAL

## III. MGA DEPINISYON

7. Ang "A Developmental English Proficiency Test" at "ADEPT" (Pagsusuri ukol sa Pagpapabuti ng Kahusayan sa English) ay tumutukoy sa isang instrumentong pantasa ng wika na kahanay ng California English Language Development Test ("CELDT" o Pagsusuri para sa Pagpapahusay sa Wikang English sa California) na magagamit kasama ng mga EL sa lahat ng mga antas na grado, mula kindergarten hanggang ikawalong grado.

8. Ang "Beginning Teacher Support and Assessment" at "BTSA" (o Suporta at Pagtatas sa Nagsisimulang Guro) ay tumutukoy sa isang programang pagtatalaga sa tungkulin na pinondohan ng estado, kasamang itinaguyod ng California Departament of Education ("CDE" o Departamento ng Edukasyon sa California) at ng California Commission on Teacher Credentialing ("CCTC") o Komisyon ng California para sa Pagbibigay ng Kredensiyal sa Guro) na dinisenyo upang suportahan ang propesyunal na pag-unlad ng mga bagong nabigyan ng kredensiyal na mga nagsisimulang guro at punan ang mga iniaatas para sa California Clear Multiple and Single Subjects Credentials (Malilinaw na Kredensiyal para sa Maramihan at Isahang mga Aralin).

9. Ang "Bilingual Community Council" at "BCC" (o Konseho para sa Komunidad na may Dalawang Wika) ay tumutukoy sa isang grupo ng hanggang 14 na miyembro ng komunidad na itinalaga ng Lupon ng Edukasyon ng Distrito ("Lupon") na naglilingkod bilang katawang tagapayo sa Lupon at tumutulong sa Distrito sa pagmomonitor ng Lau Plan at sa MCD na ito, kung saan maaaring mapabilang ang mga pagbisita sa site sa mga paaralan ng SFUSD, nag-uulat sa Lupon ng tungkol sa kalagayan ng mga programa para sa EL, at nagpupulong nang hindi bababa sa buwanan upang talakayin ang mga isyu at mga estratehiya para sa paglilingkod sa mga EL sa Distrito.

CONFIDENTIAL

10. Ang "California English Language Development Test" at "CELDT" ay tumutukoy sa isang pagsusuri sa kahusayan sa English na ipinag-uutos ng estado na kailangang ibigay ng mga lokal na ahensiyang pang-edukasyon sa mga mag-aaral sa kindergarten hanggang ikalabing-dalawang grado kung saan ang pangunahing wika ay hindi English, at sa mga mag-aaral na dati nang natukoy bilang mga EL na hindi pa nakaklasipikang muli bilang mga magagaling sa English ("RFEP").[1] Ang CELDT ay ginagamit upang tukuyin ang mga mag-aaral na may limitadong kahusayan sa English, inaalam ang kanilang antas ng kahusayan sa English, at tinatasa ang progreso ng mga mag-aaral na ito sa pagkuha ng mga kasanayan sa pakikinig, pagbigkas, pagbasa at pagsulat ng English.

11. Ang "California High School Exit Examination" at "CAHSEE" (o Eksaminasyon sa California para sa Paglabas sa Mataas na Paaralan) ay tumutukoy sa pagsusuring kailangang ipasa ng lahat ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan upang makakuha ng isang diploma ng mataas na paaralan, maliban na lamang kung eksempted sa mga iniaatas na pagsusuri sa ilalim ng batas o regulasyon ng estado.

12. Ang "California Standards Test" at "CST" (o Pamantayang Pagsusuri sa California) ay tumutukoy sa isang pagsusuri ng estado na ibinibigay sa mga mag-aaral bago ang taon ng pagpasok 2014-2015 na sumusukat sa progreso ng mga mag-aaral patungo sa pagkamit ng mga pamantayan ng estado sa akademika para sa pangunahing nilalaman.

13. Ang "Core Content" ("Pangunahing Nilalaman") ay tumutukoy sa sining ng wika, matematika, agham, at araling panlipunan.

[1] Batid ng mga Partido na binababago ng Estado ng California ang CELDT at ang pagsusuring ipinag-uutos ng estado ay maaaring magbago sa panahon ng kurso ng MCD na ito na ipinag-utos ng hukuman. Kung mangyayari ito, ang mga Partido ay magpupulong upang madetermina kung makakasang-ayon sila na ang mga sinasangguni sa CELDT sa MCD na ito ay hahalinhinan ng bagong pagsusuri na ipinatutupad ng estado. Nakalaan sa Estados Unidos ang lahat ng karapatan sa isyu ukol sa kung ang bagong pagsusuri ba ay nakakasunod sa Titulo VI at sa Equal Educational Opportunities Act (Batas ukol sa Patas na Oportunidad sa Edukasyon) 20 U.S.C. 1703 *et seq.* ("EEOA").



CONFIDENTIAL

14. Ang “Court and County Schools” (Hukuman at mga Paaralan ng County) ay tumutukoy sa Civic Center School (Sentrong Paaralang Sibika), Early Morning Study Program (Programang Pag-aaral sa Umaga), Hilltop Special Services Center (Sentro ng Hilltop para sa mga Espesyal na Serbisyo), Log Cabin Ranch, at Woodside Learning Center (Sentro ng Woodside para sa Pagkatuto), at sa anumang programa kung saan ang SFUSD ay nagbibigay ng edukasyon ayon sa Cal. Educ. Code § 1000 (Koda ng Edukasyon sa California).

15. Ang “Designated English Language Development” at “designated ELD” (Itinalagang Pagpapahusay sa Wikang English) ay tumutukoy sa direkta, hayag na tagubilin tungkol sa wikang English na nagbibigay ng isang sistematiko at para sa pag-unlad na naaangkop na pagharap sa pagtuturo ng wika sa loob ng konteksto ng nilalaman mula sa kurikulum ng nasa grade-level. Ang tagubilin ng ELD sa Distrito ay humaharap sa mga pamantayan ng pakikinig, pagbigkas, pagbasa at pagsulat na nasa California ELD Standards (Mga Pamantayan ng California para sa ELD) at bumabagay sa wika ng akademika at sa mga hinihingi ng nilalaman ng Common Core State Standards (“CCSS”) (Mga Pamantayan ng Estado sa Karaniwang Nilalaman).

16. Ang “District English Learner Advisory Committee” (Komiteng Tagapayo ng Distrito para sa Nag-aaral ng English para Matuto) at “DELAC” ay tumutukoy sa mga nakapailalim na komiteng ka-antas ng Distrito sa edukasyon ng EL na nagpapayo sa Lupon ukol sa mga programa at serbisyo para sa mga EL, kabilang ang pagsasagawa ng mga pagtatasa sa mga pangangailangan sa batayang paaralan-kada-paaralan, itinatatag ang mga layunin at mithiin ng buong distrito para sa mga EL, gumagawa ng mga plano upang matiyak ang pagsunod sa guro at sa mga kinakailangang pantulong sa pagtuturo, at binabalik-aral ang at nagkokomento sa mga mga pamamaraan ng Distrito sa muling pagkaklasipika para sa mga EL.

CONFIDENTIAL

17. Ang "Educational Placement Center" at "EPC" (Sentro para sa Pagsasalugar sa Edukasyon) ay tumutukoy sa tanggapan at sa kawani ng naturang tanggapan na siyang may responsibilidad sa pagpapatala ng mga mag-aaral ng K-12 na Distrito sa SFUSD, at sa paggabay sa, kasama na ang iba pa, mga magulang/tagapagbantay ng EL sa pagpili at paggamit ng mga programa ng Distrito para sa kanilang mga mag-aaral ng EL.

18. Ang "English Learner Advisory Committee" at "ELAC" (Komiteng Tagapayo ng Nag-aaral ng English para Matutuo) ay tumutukoy sa mga nakapailalim na komite ng paaralan para sa edukasyon ng EL na nagpapayo sa punong guro at sa kawani ng pag-aaral ng mga programa at serbisyo para sa mga EL at sa School Site Council (Konseho sa Site sa Paaralan) sa paglikha ng Single School Plan for Student Achievement (Plano ng Isahang Paaralan para sa Tagumpay ng Mag-aaral). Ang porsiyento ng mga magulang/tagapagbantay ng mga EL sa isang ELAC ay kailangang hindi na bababa pa sa katulad ng mga EL sa naturang paaralan.

19. Ang "English Learners" at "ELs" ay tumutukoy sa mga mag-aaral na nadetermina na Limited English Proficient ("LEP") (Limitado ang Kahusayan sa English) o Non-English Proficient (Hindi Mahusay sa English) at kung gayun ay nangangailangan ng tulong upang malampasan ang mga hadlang na may kaugnayan sa wika na pumipigil sa kanilang patas at makabuluhang pagsali sa mga programa ng Distrito sa pagtuturo.

20. Ang "EL Certification" (Sertipikasyon ng EL) ay tumutukoy sa kredensiyal sa pagtuturo ng EL batay sa mga iniaatas[2] ng estado upang makuha ang naturang sertipikasyon (*halimbawa,* CLAD at BCLAD).

21. Ang "EL Services" (Mga Serbisyo para sa EL) ay tumutukoy sa tulong na ibinibigay sa mga EL para sa layunin ng pagtuturo ng wikang English o upang makapagkaloob ng makabuluhang nilalamang pang-edukasyon na madaling makuha, maging nasa konteksto man

[2]*Tingnan ang* Footnote 5.

ng isang programang EL na tukoy na dinisenyo para sa mga EL o sa isang silid-aralan kung saan ang mga EL at ang mga hindi EL ay edukado.

22. Ang "Equal and meaningful participation" (patas at makahulugang partisipasyon) ay tumutukoy sa kakahayan ng mga EL at ng mga muling kinlasipikang mga mag-aaral na sumali sa at makinabang mula sa pangkalahatang programang pang-edukasyon sa SFUSD sa isang paraang maihahambing sa kanilang mga kasamahan na hindi kahit kailan naging EL.

23. Ang "Essential information" (Mahahalagang Impormasyon) ay tumutukoy sa impormasyon na ibinibigay ng Distrito at ng mga paaralan nito sa mga magulang/tagapagbantay na kasama ang, pero hindi limitado sa: (a) impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay na nagreresulta mula sa Individuals with Disabilities Education Act, 20 U.S.C. § 1400 *et. seq.* ("IDEA") (Batas ukol sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan) o sa Seksyon 504 ng Rehabilitation Act (Batas ukol sa Rehabilitasyon), 29 U.S.C. § 794 ("504") (*e.g.*, IEP o 504 na mga pulong); (b) mga kard ng wulat at iba pang mga ulat ukol sa progreso sa akademika; (c) impormasyon tungkol sa disiplina at sa kanilang mga prosesong pangdisiplina; (d) mga kahilingan sa mga magulang/tagapagbantay ng permiso para sa pagsali ng mag-aaral sa mga itinaguyod ng Distrito/paaralan na mga programa at gawain; (e) mga materyal na pang-promosyon at mga anunsiyong ipinamahagi sa mga mag-aaral na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga gawain ng Distrito kung saan ang isang pabatid ay kailangan upang makasali sa mga naturang gawain, (*halimbawa,* pagsusuri, mga extracurricular, mga gawaiang nangangailangan ng isang aplikasyon, mga komperesiya ng mga magulang-guro, mga open house); (f) mga handbook ng magulang/tagapagbantay; (g) mga dokumentong may kinalaman sa pagpapatala o sa rehistrasyon; (h) mga dokumentong may kinalaman sa mga opsyong pang-akademika at pagpaplano; (i) mga dokumentong may kinalaman sa mga pamamaraang

CONFIDENTIAL

humihiling sa isang mag-aaral ng katangian ng kanyang wika, ng mas nagugustuhang wika ng isang magulang/tagapagbantay sa pakikipagtalastasan, at ang proseso para sa pagtanggi sa lahat o sa mga tukoy na serbisyo lamang sa EL; (j) impormasyong may kaugnayan sa pampublikong kalusugan at kaligtasan; at (k) anumang iba pang nakasulat na impormasyon na naglalarawan ng mga karapatan at responsibilidad ng mga magulang/tagapagbantay ng mga mag-aaral at ng mga benepisyo at serbisyong magagamit ng  mga magulang/tagapagbantay at ng mga mag-aaral.

24. Ang "Free appropriate public education" at "FAPE" (Libreng naaangkop na pampublikong edukasyon) ay tumutukoy sa probisyon ng regular o espesyal na edukasyon at mga kaugnay na tulong at mga serbisyo na dinisenyo upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangang pang-edukasyon ng mga mag-aaral na may kapansanan nang sing-sapat na pagtugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na walang mga kapansanan at nalugudan ang ilang mga partikular na iniaatas na may kinalaman sa kaayusan ng edukasyon, ebalwasyon, pagsasalugar at mga pagbabantay na may kaugnayan sa mga pamamaraan, ayon sa 20 U.S.C. § 1400 *et seq*. at sa 29 U.S.C. § 794 .

25. Ang "Gifted and Talented Education" at "GATE" (Edukasyon para sa Gifted at Talentado) ay tumutukoy  sa isang pagharap sa pagbibigay ng mapanghamon at naiibang mga oportunidad sa pagkatuto na pantay na nagsasali ng mga may matataas na potensiyal, talentado at may mga eksepsyonal na kapabilidad na mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay natukoy bilang karapat-dapat para sa GATE na nasa pagitan ng ikatlo at ikalabing-dalawang grado, at natasa para sa pagkakarapat-dapat sa GATE gamit ang maramihang hakbang sa isang pamamaraang maaabot ng wika.

26. Ang "Home Language Survey" at "HLS" (Survey ukol sa Wika sa Tahanan) ay tumutukoy sa isang palatanungan na hihingin ng Distrito sa lahat ng (mga)

CONFIDENTIAL

magulang/tagapagbantay na kumpletuhin upang makapagrehistro ng mga mag-aaral na bago sa Distrito at hihilingin sa (mga) magulang/tagapagbantay na tukuyin kung ang pangunahin o wika sa tahanan ng mag-aaral ay iba pa sa English. Aalamin din ng HLS kung gusto ng magulang/tagapagbantay ng nakasulat at/o pasalitang komunikasyon mula sa Distrito at paaralan ng mag-aaral sa isang wikang bukod pa sa English na konsistent sa mga iniaatas sa mga Talata 87-88.[3]

27. Ang "IEP" ay tumutukoy sa isang Individualized Education Program (Programa sa Edukasyon na Ipinasadya para sa isang Indbidwal), na pinakahuluganan ng batas pederal na isang nakasulat na pahayag para sa bawat mag-aaral na may kapansanan na isinaayos, binalik-aral, at binago alinsunod sa mga probisyong itinakda sa Individuals with Disabilities Education Act, 20 U.S.C. § 1400 *et. seq.* ("IDEA").

28. Ang "Initial Fluent English Proficient" at "IFEP" (Kinilalang ang Unang Kahusayan ay sa English) ay tumutukoy sa mga mag-aaral na kinilala ng HLS bilang mayroong isang pangunahing wika o wika sa tahanan na bukod pa sa English na nasuring magaling sa English sa kanilang unang CELDT, at kung gayun ay hindi pa kahit kailan natukoy na mga EL.

29. Ang "Integrated English Language Development" (Isinamang Pagpapaunlad sa Wikang English) at "Integrated ELD" (Isinamang ELD) ay tumutukoy sa English Language Development (Pagpapaunlad sa Wikang English) na gumagamit ng parehong ELD ng Estado at ng mga pangunahing pamantayan ng nilalaman upang masuportahan ang mga pang-linggwistika at pang-akademikang progreso ng mga EL. Ang Integrated ELD ay nakapaloob sa tagubilin ng pangunahing nilalaman sa buong araw ng pagtuturo sa pamamagitan ng isang menu ng mga

[3] Batid ng mga Partido na isinasaalang-alang ng Estado ng California ang baguhin o halinhinan ang HLS sa panahon ng kurso ng MCD na ito na iniutos ng hukuman. Kung mangyayari ang ganito, isasaalang-alang at dedeterminahin ng mga Partido kung ang sinangguni para sa HLS sa MCD na ito ay hahalinhinan ng bagong dokumento/pagharap na ipinatutupad ng estado.



CONFIDENTIAL

opsyon; kabilang ang: (1) paglalagay sa konteksto ng impormasyon gamit ang nagkakaiba-ibang mga estratehiya upang mabigyang kakayahan ang mga El na makaintindi, makagamit, at matuto ng nilalamang nasa antas na para sa grade-level; (2) pagsasama ng wika at nilalaman sa pamamagitan ng paglikha ng makukulay na konteksto at pagtuturo ng wika ng akademika; (3) pagkakaroon ng akses sa at paggamit ng masasalimuot na tekstong para sa grade-level; (4) may kolaborasyong inter-aksyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng maramihang oportunidad sa mga EL upang mabigyang kabuluhan ang mga bagong impormasyon at ipaliwanag ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng produktibong akademikang pakikipag-usap; at (5) nagsusuri ng para sa pagkaunawa at hayag na komento. Ang bagong pagharap na ito sa sa instruksyong ELD ay nakakadagdag sa itinalagang ELD at babaha-bahaginin sa bawat taon nang may ganap na implementasyon na iniaatas sa taon ng pagpasok 2016-2017.

30. Ang “Internal Oversight Committee” (Komite sa Internal na Pagbabantay) at “IOC” ay tumutukoy sa isang grupo ng mga lider ng Distrito, kabilang ang mga pinuno ng mga departamento at iba pang mga internal na stakeholder (may hawak na sosyo), na nagpupulong nang regular upang masubaybayan ang implementasyon ng MCD.

31. Ang “Language domains” o mga larangang nasasakupan ng wika ay tumutukoy sa pakikinig, pagbigkas, pagbasa, at pagsulat.

32. Ang “LEP” ay tumutukoy sa mga indibidwal na Limited English Proficient (Limitado ang Kakayahan sa Englisj), o mga indibidwal na hindi nagsasalita ng English bilang kanilang pangunahing wika at may limitadong kakayahang magbasa, magsalita, magsulat o maka-intindi ng ng English, at kung gayun ay nangangailangan ng tulong upang makipagtalastasan o makapag-akses ng mga serbisyo.

CONFIDENTIAL

33. Ang “Long-Term EL” (EL sa Pangmahabaang Panahon) ay tumutukoy sa isang EL na nakapagpatala na sa mga paaralan ng U.S. sa loob ng lima o higit pang taon, pero hindi pa natutugunan ang kriterya ng Distrito para sa muling pagkaklasipika.

34. Ang “Major Languages” (Mga Pangunahing Wika) ay tumutukoy sa English, Spanish, Chinese,[4] Vietnamese, (Filipino) Tagalog, at Arabic.

35. Ang “Multilingual Pathways Departament” at “MPD” (Departamento para sa mga Landasing may Maramihang Wika) ay tumutukoy sa departamento sa antas ng Distrito na responsable para sa mga serbisyong pang-edukasyon para sa  EL.

36. Ang “Naglieri Cognitive Processing Test” (Pagsusuring Naglieri Cognitive para sa Pagproproseso) ay tumutukoy sa isang hindi pasalitang pagsusuri para sa pagkilala sa GATE na kadalasang ginagamit kasama ng mga EL.

37. Ang “Newcomer” (Bagong-salta) ay tumutukoy sa mga kamakailan lamang dumating na mga imigranteng EL na may konting o walang kahusayan sa English. Maaaring kabilang sa mga newcomer o mga bagong salta ang mga EL na nagambala ang pormal na edukasyon (“SIFE”), at maaaring may limitadong kakayahang bumasa at sumulat sa parehong katutubo nilang wika (mga wika) at English.

38. Ang “Never-EL” (Hindi Kahit Kailan Naging Isang EL) ay tumutukoy sa isang mag-aaral na hindi pa kahit kailan naging isang English Learner at hindi nangangailangan ng tulong mula sa Distrito upang malampasan ang mga hadlang ng wika upang makasali sa mga programa sa pagtuturo ng Distrito nang patas at makabuluhan.

39. Ang “Non-LEP” ay tumutukoy sa isang indibidwal (*halimbawa*, isang magulang) na magaling sa English.

CONFIDENTIAL

[4] Ang “Chinese” ay tumutukoy sa nakasulat na tradisyunal na Chinese para sa mga layunin ng pagsasaling-wika. Ang “Chinese” ay tumutukoy sa  Cantonese, Mandarin, at Toishanese para sa mga kayunin ng interpretasyon.

40. Ang “Paraprofessionals” ay tumutukoy sa suporta ng guro sa mga kawani na tumutulong sa mga mag-aaral sa silid-aralan at nakatugon na sa mga lokal at pederal na patnubay at sa mga patnubay ng estado, para sa kanilang mga kwalipikasyon at/o mga sertipikasyon.

41. Ang “Parent/Guardian” o Mmagulang/Tagapagbantay ay tumutukoy sa alinman o sa parehong biyolohikal o nag-ampong mga magulang ng mag-aaral, sa legal na tagapagbantay ng mag-aaral, o sa sinumang iba pang tao na may ugnayang magulang sa mag-aaral na may legal at/o awtoridad sa pagdedesisyon sa mga may kaugnayan sa edukasyon ng mag-aaral ayon sa Cal. Educ. Code § 56028.

42. Ang “Plaintiffs” o Mga Nagsasakdal ay tumutukoy sa Kinney Kinmon Lau, et al., mga pribadong nagsasakdal, at sa United States of America, Plaintiff-Intervenor o Tagapamagitan ng Nagsasakdal.

43. Ang “Qualified interpreter” o Kwalipikadong interpreter ay isang tao na mahusay sa wika na ginagamit niya sa pakikipagtalastasan dagdag pa sa pagiging mahusay sa English, nakapagpakita na ng kakayahang gumamit ng paraan ng interpretasyong naaangkop sa umiiral na sitwasyon (*halimbawa,* gumagamit ng sabay-sabay na interpretasyon para sa mga pagdinig o sa malalaking pang-grupong pagpupulong ng mga magulang/tagapagbantay), nakapagpakita na ng kakayahan sa wika, at tumanggap na ng propesyunal na paghusay sa mga natatanging isyu tulad ng pagkakumpidensiyal at anumang naaangkop na bokabularyong teknikal.

44. Ang “Qualified translator” o Kwalipikadong tagapagsaling-wika ay tumutukoy sa isang tao na mahusay sa pagsulat at pagbasa ng wikang ginagamit niya sa pakikipagtalastasan dagdag pa sa pagiging mahusay sa pagsulat at pagbasa ng English, at tumanggap na ng propesyunal na paghusay sa mga natatanging isyu tulad ng pagkakumpidensiyal at anumang naaangkop na bokabularyong teknikal.

CONFIDENTIAL

45. Ang "Reclassification" o Muling Pagkaklasipika ay tumutukoy sa proseso kung saan ang isang EL ay muling kinlasipika bilang isang Fluent English Proficient ("RFEP") (Muling Naklasipika na Mahusay sa English) na mag-aaral pagkatapos na makatugon sa iba't ibang mga pang-linggwistika at pang-akademikang kriterya na itinakda ng Distrito at ng Estado ng California, bilang pagsunod sa batas pederal.

46. Ang "Reclassified Fluent English Proficient" at "RFEP" ay tumutukoy sa isang mag-aaral na isang dating EL na nakatugon na sa lahat ng mga iniaatas upang muling maklasipika mula EL papuntang Fluent English Proficient (Mahusay sa Wikang English).

47. Ang "San Francisco Unified School District," "SFUSD," at "ang Distrito" ay tumutukoy sa San Francisco Board of Education (Lupon ng Edukasyon sa San Francisco) at sa pampublikong paaralan na pinatatakbo nito ayon sa Cal. Educ. Code § 35510.

48. Ang "Specially Designed Academic Instruction in English" at "SDAIE" (Espesyan na Dinisenyong Pang-akademikang Pagtuturo ng English) ay tumutukoy sa pagharap ng California sa pagtuturo ng mga pangunahing nilalamang pang-akademika na magkaroon ng mga kakayahan sa parehong nilalaman at sa English. Ang instruksyon ay gumagamit ng mga estratehiya na tukoy na dinisenyo para sa mga EL upang ang EL ay makahulugang makapag-akses ng pang-akademikang nilalaman sa wikang English. Ang naturang instruksyon ay suportado ng kanilang pangunahing wika, kung naririyan na.

49. Ang "Section 504 plan" ay tumutukoy sa isang plano na dinisenyo upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangang pang-edukasyon ng isang mag-aaral na may kapansanan sa ilalim ng Section 504 ng Rehabilitation Act ng 1973, o iyong mga itinuturing na mayroong naturang kapansanan.

CONFIDENTIAL

50. Ang "EL SWD" ay tumutukoy sa isang EL na isa ring mag-aaral na may kapansanan ayon sa ibinigay na kahulugan ng batas pederal, *tingnan ang* 20 U.S.C. § 1401 at 29 U.S.C. § 794.

51. Ang "Student Success Teams" at "SST" (Mga Pangkat para sa Tagumpay ng Mag-aaral) ay tumutukoy sa mga pangkat na binuo para sa, kasama ng iba pang mga dahilan: (a) pagtutukoy ng mga indibidwal na pangangailangan ng mag-aaral; at (b) pagpapanukala ng mga pagsasalugar, mga interbensyon, pagpoprograma o mga serbisyo, kabilang na ang mga referral para sa Section 504 o espesyal na pagsasalugar kaugnay ng edukaston.

52. Ang "Synergy" (Pagkakaisa) ay tumutukoy sa elektronikong sistema ng impormasyon para sa mag-aaral sa buong Distrito na ginagamit para sa mga sistemang pang-demograpiko, pang-akademika, at para sa mga datos na may kaugnayan sa pag-uugali, o sa anumang katulad na sistema na nasa anumang pangalan na ginamit ng Distrito para sa naturang mga datos na pang-demograpiko, pang-akademika, at para sa mga may kaugnayan sa pag-uugali.

53. Ang "Translation and Interpretation Unit" at "TIU" (Yunit para sa Pagsasaling-Wika at Interpretasyon) ay tumutukoy sa tanggapan ng Distrito na nagkakaloob ng mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon sa mga pamilya sa SFUSD at sa mga lugar ng paaralan sa antas ng Distrito.

## IV. <u>PAGKILALA SA AT PAGSASALUGAR NG MGA ENGLISH LEARNER</u>

### A. <u>Pagkilala sa mga English Learner</u>

54. Ang wastong pagkilala sa mga EL ay isang pangunahing komponente para sa pagtitiyak ng naaangkop na pagsasalugar ng mga serbisyo sa EL at akses sa pangunahing kurikulum at sa iba pang mga serbisyong ipinagkakaloob ng Distrito. Gagawin ng Distrito ang mga sumusunod na hakbang upang matiyak ang angkop at napapanahong pagkilala sa mga EL:

CONFIDENTIAL

a. Gamitin ang Home Language Survey (“HLS”) Upang Una Munang Matasa ang Wika sa Tahanan. Ang Distrito ay magpapatuloy sa pagpapatala ng lahat ng mga K-12 na mag-aaral sa Educational Placement Center (“EPC”) (Sentor para sa Pang-edukasyong Pagsasalugar). Ang mga kawani ng EPC ang siyang magiging responsable sa pagtitiyak na lahat ng mga magulang/tagapagbantay ay nabigyan ng HLS ng SFUSD pagkapatala ng kanilang anak. Kung ang HLS ay nagsabi na ang isang wika na bukod pa sa English ay ginagamit sa tahanan, titiyaking ng Distrito na ang mag-aaral ng English ay natasa ayon sa inilarawan sa Talata 55.

b. Ipaalam sa mg Magulang/Tagapagbantay ang Tungkol sa Proseso ng Pagkilala sa EL. Ang EPC at ang Multilingual Pathways Departament (“MPD”) ay magbibigay sa mga magulang/tagapagbantay ng impormasyon tungkol sa paanong kikilalanin ang mag-aaral at ang pagtatasa ay magaganap sa Distrito. Ang EPC at MPD ang magbibigay ng impormasyong ito sa pamamagitan ng: (i) SFUSD Enrollment Guide (Gabay ng SFUSD para sa Pagpapatala), na ibibigay ng Distrito na nasa Mga Pangunahing Wika; at (ii) personal na komunikasyon sa panahon ng proseso ng pagpapatala ng K-12, nang may mga kwalipikadong interpreter para sa mg magulang/tagapagbantay ng LEP.

**B. Pagtatasa ng mga English Learner**

55. Kapag natukoy sa HLS na ang isang wikang bukod pa sa English ay sinasalita sa tahanan, kailangang gumamit ang distrito ng isang balido at maaasahang kriterya upang matukoy at matasa ang mga EL, kasama ang pagbibigay ng isang balido at maaasahang pagtatasa ng kahusayan sa English sa lahat ng 4 na larangang nasasakupan ng wika.

a. California English Language Development Test (“CELDT”). Sa kasalukuyan, ang Distrito ay gumagamit ng CELDT upang matasa ang antas ng kahusayan ng

CONFIDENTIAL

mag-aaral sa English sa lahat ng 4 na larangang nasasakupan ng wika. Pasasabihan ng Distrito ang mga magulang ng tungkol sa proseso ng pagsusuring CELDT sa loob ng apat na araw pagkatapos ng unang araw ng pagpasok sa paaralan, at tatasahin ng Distrito ang mga mag-aaral na natukoy ng HLS na mayroong pangunahin o wikang ginagamit sa tahanan na bukod pa sa English sa lalong madaling panahon pero hindi na dapat mahuli pa sa 15 araw pagkatapos na mapasabihan ang mga magulang, o sa loob ng 10 araw para sa mga mag-aaral na magpapatala pagkatapos ng ikalawang linggo ng pagpasok sa paaralan. Magsasagawa ang Distrito ng mga makatuwirang pagsusumikap upang maituloy ang pagsusuri sa mga potensiyal na EL na hindi nakarating noong panahon na may puwang para sa pagsusuri. Ang Distrito ay, sa loob ng tatlumpong araw ng unang araw ng pagpasok ng anak at sa isang wikang naiinitindihan ng mga magulang/tagapagbantay, magbibigay sa mga magulang/tagapagbantay sa isang kasulatan ng: (i) mga resulta ng mga pagtatasa, (ii) pagsasalugar ng anak bilang EL, at (iii) impormasyon ukol sa karapatang tanggihan ang pagsasalugar.

b. Mga Pangunahing Pagtatasa ng Wika. Ang Distrito ay gagamit ng isang Pangunahing Pagtatasa ng Wika upang matasa ang kahusayan ng mag-aaral sa kanyang wika sa tahanan kapag nadetermina na ng Distrito na ang naturang pagsusuri ay makakatulong sa implementasyon ng mga landasin ng wika na gustong tahakin ng Distrito (*halimbawa,* landas na may dalawang wika). Kapag nariyan na ang mga resulta ng Mga Pangunahing Pagtatasa ng Wika, ang Distrito ay, sa wikang naiintindihan ng magulang/tagapagbantay; (i) magbibigay sa mga magulang/tagapagbantay ng mga resulta ng mga pagtatasa; (ii) magpapaliwanag ng mga instruksyong ginamit ng Distrito kaugnay ng landasin para sa EL; at (iii) at magpapaliwanag ng mga karapatan ng mga magulang/tagapagbantay na tanggihan ang pagpapatala ng kanilang anak sa mga landasin ng Distrito para sa EL. Ang website ng Enrollment Guide at ang Distrito ay

CONFIDENTIAL

magbibigay sa mga magulang/tagapagbantay ng isang numero ng telepono at email address para sa mga kawaning makakapagbigay ng karagdagang tulong sa pag-intindi sa mga resulta ng pagtatasa at sa mga magagamit nang mga programa ng EL.

**C. Pagsasalugar ng mga English Learner**

56. Gagawin ng Distrito ang mga sumusunod na hakbang upang isalugar nang maayos ang mga EL sa mga serbisyo para sa EL:

a. Isalugar at ilagay sa naaangkop na antas ang mga EL gamit ang balido at maaasahang mga iskor sa English Language Proficiency ("ELP"). Sa lalong madaling panahon na praktikal at sa hindi na mahuhuli pa sa 10 araw ng trabaho pagkatapos na makuha na ang mga mga iskor ng mag-aaral sa ELP (sa kasalukuyan ay ang mga resulta ng CELDT o ADEPT), titiyakin ng Distrito na ang EL ay naisalugar nang maayos sa mga programa ng EL, at kung hindi, iaakma ang kanilang mga pinaglugaran upang maipakita nang maayos ang kanilang mga antas sa ELP. Kung ang isang anak ay nagpakita ng kahusayan sa wikang English sa isang balido at maaasahang pagtatasa, itatalaga ang anak na isang Initial Fluent English Proficient ("IFEP").

b. Magbibigay ng mga patnubay para sa naaangkop na pagsasalugar para sa mga sekondaryang mag-aaral. Ang Distrito, sa pamamagitan ng MPD, ay magbibigay ng isang listahan ng mga patnubay para sa pagsasalugar ng mag-aaral para sa mga EL sa sekondaryang paaralan para sa: (i) naaangkop na pagsasalugar sa mga kurso sa English Language Development ("ELD"); (ii) mga uri ng pagsasalugar para sa mga pang-akademikang kurso na naaangkop para sa mga mag-aaral na may iba-ibang mga antas ng kahusayan sa English; at (iii) iba-ibang "typologies" o mga katawagan sa mga EL (*halimbawa*, Newcomers, Long-Term ELs, EL SWDs).

CONFIDENTIAL

c. Suriin ang mga banyagang transcript  upang epektibong maisalugar at mapaglingkuran ang mga sekondaryang mag-aaral. Isasama ng EPC ang pagsusuri sa mga banyagang transcipt, kapag naririyan na, sa proseso ng inisyal na pagtatasa sa mga kararating pa lamang na mga mag-aaral mula sa mga banyagang sistema ng pagpasok sa paaralan. Ang EPC ay magbibigay sa mga lugar ng paaralan ng mga impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng ganap na kaalaman sa akademika at mga nakuhang kredito ayon sa tinukoy sa mga naturang transcipt upang makatulong sa naangkop na pagsasalugar at pagtatalaga ng mga naturang pang-akademikang kredito. Ang mga naturang impormasyon ay tutulong sa mga lugar ng paaralan sa pagtutukoy sa mga kailangang serbisyong suporta para sa mga naturang mag-aaral.

d. Magsagawa ng isang taunang paunang pagtatasa ng naaangkop na bahagdan ng Dual Immertion (Imersyon sa Dalawang (Wika)). Bago ang Round 1 na ang mga sulat ng pagtatalaga sa mag-aaral ay ipadala sa mga magulang/tagapagbantay, tatasahin ng Distrito ang mga paunang numero ng pagpapatala para sa gradong K at 1 sa nilalandas na Dual Immertion, susuriin ang kawastuhan at dedeterminahin kung ang nilalandas ba ay mayroong naaangkop na bahagdan ng tinatarget na kahusayan sa wika ng mga mag-aaral at ng mga English-Only (English Lamang) na mga mag-aaral ("EOs"). Anumang mga pagkakamali na nadiskubre bilang bahagi ng pagtatasang ito ay iwawasto bago ang Round 1 na ang mga sulat ng pagtatalaga sa mag-aaral ay ipadala sa mga magulang/tagapagbantay. Kung walang makikitang mga pagkakamali pero ipapakita ng pagtatasang ito na ang kahusayan sa wika ng mga mag-aaral ay hindi sapat na napangatawanan, magsasagawa ang Distrito ng mga hakbang upang bigyan ng lunas ang kakulangang ito sa mga bahagdang kaugnay ng imersyon bago ang Round 2 na ang mga sulat ng pagtatalaga sa mag-aaral ay ipadala sa mga pamilya, kasama na ang pagsasagawa

CONFIDENTIAL

ng mga outreach at pagre-rekrut ng mga karagdagang tinatarget na aplikanteng magaling sa wika.

e. Magsagawa ng isang taunang panghuling pagtatasa ng mga naaangkop na bahagdan kaugnay ng Dual Immertion. Sa Nobyembre 1 ng kada taon, ang Distrito ay magtatasa ng pinal nitong mga numero para sa pagpapatala ng mga nasa gradong K at 1 sa bawat nilalandas nito kaugnay ng Dual Immertion at dedeterminahin kung ang mga programa ba ay mayroong naaangkop na bahagdan ng tinatarget na wika at mga mag-aaral na EO. Kung ipapakita sa pagtatasang ito na ang tinatarget na wika ng mga mag-aaral ay hindi sapat na napangatawanan, magsasagawa ang Distrito ng mga hakbang upang bigyan ng lunas ang kakulangang ito sa mga bahagdang kaugnay ng imersyon sa hinaharap, kasama na ang pagpapaganda ng mga outreach nito at ang pagre-rekrut na mga potensiyal na EL, at pagbibigay sa mga kawani ng mga may kabuluhang propesyunal na pag-unlad para sa mga cycle ng pagpapatala sa hinaharap, kung naaangkop (*tignan ang* nakapailalilm na talata (f)).

f. Magbigay sa mga tagapayo ng EPC ng kasalukuyang nagtutuloy-tuloy na propesyunal na pag-unlad sa naaangkop na pagsasalugar ng EL. Ang Distrito ay magbibigay sa EPC ng mga tagapayo na may propesyunal na pag-unlad sa pagbabalik-aral ng mga banyagang transcript para sa naaangkop na pagsasalugar ng mag-aaral na EL; pag-unawa sa mga iba-ibang layunin ng iba’t ibang landasing iniaalok ng SFUSD para sa mga EL; mga istruktura ng programa; at ang mga implikasyon ng mga naturang transcript para sa naaangkop na pagsasalugar ng mag-aaral, kabilang na ang inaasahan ng Distrito na bahagdan ng pagsasalugar sa mga mag-aaral na magaling sa English na hindi naman magaling sa tinatarget na wika (1/3 hanggang 1/2 ng klase) sa mga mag-aaral na tinatarget na magaling sa wika (2/3 hanggang 1/2 ng klase) sa mga programang imersyon. Gagamitin ng mga tagapayo ng EPC ang

impormasyong ito upang mapayuhan ang mga magulang/tagapagbantay ukol sa iba't ibang mga mapapagpiliang programa para sa EL. Sa taunang batayan o ayon sa pangangailangan, alinman ang mas madalas, ibibigay ng Distrito ang propesyunal na pag-unlad na ito bago ang bukas na proseso ng pagpapatala. Kung kailangan, makikipagtulungan ang EPC sa mga maaaring matawagang mga kawani ng MPD para sa pagpapayo sa mga magulang/tagapagbantay at mga rekomendasyon para sa pagsasalugar. Ang mga tagapayo ng EPC ay tatangap din ng propesyunal na pag-unlad kaugnay ng pagkakaroon ng mga tagapagsaling-wika at mga interpreter upang makatulong sa proseso ng pagpapayo, kasama ang mga salitang pagsasanay sa pagitan ng EPC at TIU, mga sekretarya ng paaralan at mga liaison ng magulang/tagapagbantay saan man kailangan.

g. Magbigay sa mga tagapayo ng paaralan at sa mga pangalawang punong guro ng propesyunal na pag-unlad sa naaangkop na pagsasalugar ng EL. Sa taunang batayan o ayon sa pangangailangan, alinman ang mas madalas, ibibigay ng Distrito ang propesyunal na pag-unlad na ito sa mga tagapayo ng paaralan at sa mga pangalawang punong guro sa mga patnubay para sa naaangkop na pagsasalugar ng EL sa mga programa ng EL, sa mga programa ng Gifted and Talented Education ("GATE"), at Special Education (Espesyal na Edukasyon).

**D. Muling Pagkaklasipika ng mga English Learner at Pagmomonitor ng mga RFEP**

57. Ang Distrito ay gagamit ng balido, maaasahan, at obdyektibong kriterya na makahulugang nakakapagsukat ng kahusayan sa wikang English sa bawat isa sa apat na nasasakupang larangan na pakikinig, pagbigkas, pagbasa, at pagsulat, at titiyakin na ang bawat EL ay umabot sa kahusayan sa English batay sa naturang kriterya bago muling kinlasipika.

58. Ang Distrito sa ngayon ay gumagamit ng CELDT upang tasahin kung ang isang mag-aaral ay umabot na sa kahusayan sa English. Titiyakin ng Distrito na ang anumang isinabay o isinamang mga iskor na ginamit nito sa CELDT o sa iba pang pagsusuri para sa ELP upang

masukat kung kailan ang isang mag-aaral ay umabot sa kahusayan sa English: (a) nangangailangan ng kahusayan sa grade-level sa bawat isa sa apat na nasasakupang larangan upang mapayagan ang mga mag-aaral na makasali nang epektibo sa mga pang-akademikong grade-level na pagtuturo ng mga nilalaman at mga pagtatasa sa English, at (b) sa pangkalahatan ay isang balido at maaasahang panukat ng kahusayan ng mag-aaral sa English na nagbibigay-kakayahan sa mga mag-aaral na magkaroon ng makabuluhan at patas na pagsali sa programang pang-edukasyon nang walang mga serbisyo para sa EL. Sa determinasyon ng muling pagkaklasipika, maaari ring gamitin ng Distrito ang iba pang mga balido at maaasahang kriterya upang madetermina kung handa na ang EL na lumabas sa mga serbisyo ng EL batay sa isinabay o isinamang iskor sa kahusayan sa isang pagsusuring ELP na nakasunod sa talatang ito. Sa panahong ito, ginagamit ng Distrito ang at maaari nitong ipagpatuloy ang paggamit sa mga impormasyon sa pagsusuri na ibinatay sa pamantayan, mga grado, at mga rekomendasyon ng guro na may kaugnayan sa kahusayan sa English, upang madetermina kung ang mga mag-aaral na ito ay muling ikaklasipika batay sa kanilang isinabay o isinamang iskor sa kahusayan sa ELP.

59. Susuriin ng Distrito ang mga datos kaugnay ng mga nakamit sa akademika ng mga mag-aaral na muling kinlasipika sa ilalim ng bagong kriterya sa muling pagkaklasipika na naproklama bago ang pagsisimula ng taon ng pagpasok 2012-2013 upang matasa kung ang bagong kriterya ay nagresulta sa mga balido at maaasahang iskor sa pagtatasa para sa muling pagkaklasipika mula sa programa ng EL program. Ang mga resulta ng ebalwasyon gamit ang mga datos ukol sa mga nakamit sa akademika para sa taon ng pagpasok 2014-15 para sa mga EL na lumabas sa 2012-13 at 2013-14 na mga taon ng pagpasok ay isasama sa taunang ulat ng 2015 na isinumite sa hukuman. Kung ang mga resultang ito at ang mga datos na ito ng mga nakamit sa akademika ay nagpapakita na ang bagong kriterya para sa muling pagkaklasipika ay

CONFIDENTIAL

naglalabas ng mga mag-aaral ng EL nang mas maaga pa sa nararapat na panahon mula sa mga serbisyo ng EL o kung hindi man ay hindi balido at hindi maaasahan para sa muling pagkaklasipika ng mga EL, susugan ng Distrito ang kriterya nito alinsunod dito upang maharap ang anumang mga kakulangan na natukoy at upang matiyak ang kanilang pagka-balido at pagka-maaasahan. Anumang mga susog na kriterya para sa muling pagkaklasipika ay ibibigay sa Mga Partido sa taunang ulat o kapag hiniling.   Kung ang Mga Partido ay hindi makakasang-ayon sa sinusugang kriterya para sa muling pagkaklasipika ng EL o nakikipagtalo kung ang mga resulta ba ng ebalwasyon ay nagpapakita nga ng pagka-balido at pagka-maaasahan ng kriterya, maaaring piliin ng sinumang partido na pumunta sa Hukuman upang maresolba ang hindi pagkakasundo.

60. Susubaybayan ng Distrito ang mga EL sa loob ng dalawang taon kapag sila ay naklasipika na bilang RFEP upang matasa ang kanilang tagumpay sa akademika pagkatapos ng muling pagkaklasipika at upang madetermina kung mangangailangan sila ng karagdagang tulong sa akademika, sa wika, o iba pang mga serbisyong pagtuturo.

## V. <u>MGA SERBISYO PARA SA EL</u>

### A. <u>Mga Iniaatas para sa Lahat ng mga Modelo sa Pagtuturo</u>

61. Upang maabot ang pinakamagandang akses sa EL at upang makamit ang pinakamataas na tagumpay sa isang de-kalidad na edukasyon, ang Distrito ay magbibigay ng mga epektibong serbisyo kung saan kasama ang pagpapaunlad ng wikang English o  English language development (“ELD”) at pagpapaunlad ng primaryang wika/tinatarget na wika (kung nariyan na), pati na ang ganap na akses sa at pagsasali ng komprehensibong programa para sa grade-level academic college at pagkahanda sa pagkakaroon ng trabaho, pangunahing kurikulum, mga elective, at mga extracurricular na gawain.

CONFIDENTIAL

62. Sa pagpapaunlad, pagsasalugar, at pagmementina ng mga landasing may kaugnayan sa mga serbisyo sa pagtuturo para sa mga EL, pagsusumikapan ng Distrito na iwasan ang mapahiwalay sa larangang linggwistika sa lahat at sa loob ng mga paaralan sa pamamagitan ng pagtitiyak  sa pinakaposibleng pinakamalawak na hangganan na ang mga EL ay naisama sa mga hindi pa kahit kailan naging EL sa larangan ng pagtuturo sa nilalaman at para sa recess, electives (*halimbawa,* sining, musika at visual at sining sa pagganap), edukasyong pisikal, tanghalian, at aklatan, at hindi naman talaga kinailangang ihiwalay mula sa mga hindi pa kahit kailan nag-EL sa ibang mga klase kung isasaalang-alang ang kanilang mga antas sa ELD, ang uri ng kanilang mga serbisyong para sa EL, at ang kanilang oras at progreso sa mga naturang serbisyo.  Titiyakin ng Distrito na ang mga EL ay isinama sa pangkalahatang edukasyon ng mga mag-aaral sa mga tungkulin sa paaralan at sa mga extracurricular na gawain.

63. Titiyakin ng Distrito na ang lahat ng mga klase ng EL, kasama ang mga itinalagang ELD, isinamang ELD, SDAIE na mga klase ng nilalaman, mga klaseng bilinggwal, at mga klaseng may dalawang wika ay tuturuan ng mga guro na may naaangkop na sertipikasyong pang-EL batay sa mga iniaatas ng Estado.[5]

64. Magbibigay ang Distrito sa mga EL ng itinalagang instruksyon ng ELD na  sapat at naaangkop na kaugnay ng antas ng kanilang ELP at ng mga pangangailangan nila sa wika hanggang sa maklasipikang muli. Ang Distrito ay magbibigay sa lahat ng mga ng itinalagang instruksyon para sa ELD na ginrupo ayon sa antas ng kanilang ELP sa loob nang

---

[5] Hindi pa nasusuri ng Estados Unidos kung ang mga iniaatas ng Estado para sa pagtuturo sa mga nag-aaral para matuto ng English ay sapat na nakapaghahanda sa mga guro na makapagbigay ng instruksyon sa nilalaman para sa ELD at SDAIE sa mga EL sa lahat ng antas ng kahusayan sa English at mga grade level. Kung babaguhin ng Estado ang mga iniaatas para sa mga sertipikasyon ng guro sa panahon ng tadhana ng MCD na ito, ang mga Partido ay magpupulong sa loob ng 60 araw upang madetermina kung makakasang-ayon sila na ang mga iniaatas ng Estado ay nakalugod sa mga layunin ng Decree (Utos) na ito. Para sa mga layunin ng Decree na ito, susunod ang Distrito sa mga iniaatas na ito ng Estado kapag kumukuha at nagtatalaga ng mga guro ng mga English Learner, at nakalaan sa Estados Unidos ang lahat ng karapatan upang madetermina kung mga iniaatas bang ito ng estado ay nakakasunod sa batas  pederal.



CONFIDENTIAL

pinakamababang 30 minuto kada araw. Maaaring grupuhin ng Distrito ang mga EL nang sa hanggang 2 magkasunod na mga antas ng ELP para sa itinalagang instruksyon para sa ELD (*halimbawa*, igugrupo ang mga Antas 1 sa mga Antas 2, ang mga Antas 2 sa mga Antas 3). Maaaring piliin ng Distrito na magbigay ng sa mga Antas 4 at sa mga Antas 5 ng itinalagang instruksyon para sa ELD ng naaangkop sa kanilang grado na klase para sa English Language Arts ("ELA") (Sining sa Wikang English) (halimbawa, kung sa ano ang Distrito ay nagtutukoy ng mga kursong "ELA .6"). Ang pagtuturo para sa ELD ay ililinya sa mga pamantayan ng 2012 California ELD at mauugnay sa wika ng akademika, sa pagkatutong bumasa at sumulat, at sa mga kalalabasan ng pagkatuto sa nilalaman at sa mga ekspektasyon ng Common Core State Standards ("CCSS") at ng Next Generation Science Standards ("NGSS") (Mga Pamantayas sa Agham para sa Susunod na Henerasyon).

65. Dagdag pa sa hindi na bababa pa sa 30 minuto ng pang-araw-araw na itinalagang ELD, magbibigay din ang Distrito sa lahat ng mga EL ng pinagsamang instruksyon para sa ELD sa panahon ng pagtuturo sa larangan ng pangunahing nilalaman na ibinigay sa English hangang sa muling maklasipika. Ang Distrito ay magbibigay ng mga patnubay sa mga paaralan upang maharap ang mga pangangailangan ng EL batay sa kanilang antas ng kanilang kahusayan sa English bilang descriptor at typologies (*halimbawa,* Long-term EL o Student with Interrupted Formal Education ("SIFE") (EL para sa Pangmatagalang Panahon o Mag-aaral na may Nagambalang Pormal na Edukasyon) sa pamamagitan ng iba't ibang mga modelo ng ELD upang suportahan ang kanilang pinabilis na pag-unlad sa wika ng akademika at sa pagkatutong bumasa at sumulat at magbibigay ng mga estratehikong interbensyon upang maharap ang mga pangangailangan ng EL para matuto. Tutulungan ng Distrito ang mga paaralan, ayon sa kailangan, sa paggawa ng mga iskedyul na magtitiyak na ang mga klase ng ELD ay hindi



CONFIDENTIAL

magiging sagabal sa akses ng mga EL sa pagunahing kurikulum o sa anumang mga karagdagang natatanging serbisyo (*halimbawa,* mga espesyal na serbisyong pang-edukasyon). Titiyakin ng Distrito na ang mga EL na may mga magulang/tagapagbantay n apiniling ilabas sila sa mga natatanging silid-aralang pang-EL o ilabas sila sa landasin ay magpapatuloy sa pagtanggap ng mga serbisyo para sa EL sa panahon ng mga pagtuturo ng pangunahing nilalaman, kung saan ang pinagsamang ELD ay ibibigay.

66. Upang matiyak na ang lahat ng EL ay may akses sa, makikipagtulungan sa, at magkakamit ng nilalamang pang-akademika para sa grade-level habang sila ay natututo ng English, ang Distrito ay magbibigay ng mga klase ukol sa nilalaman habang sila ay natututo ng English sa mga EL gamit ang mga paraan na: (a) isinasama ang pangunahing wika sa naaangkop na pagtuturong kaugnay ng naantas na kahusayan (kapag mayroon na), (b) isinasama ang 2012 California ELD Standards (Mga Pamantayan ng California sa EDL) ayon sa binanggit sa itaas, at (c) gumagamit ng metodolohiyang Specially Designed Academic Instruction in English ("SDAIE") (Pang-akademikong Pagtuturo ng English na Espesyal na Dinisenyo).

67. Maglalagay ang Distrito ng suportang pagtuturo para sa mga Long-Term EL, kasama ang mga pinabilis na interbensyon, sa bawat landasin at sa bawat lugar ng paaralan. Lahat ng landasin ay magsasama rin ng mga estratehiya upang maiwasan na ang mga mga mag-aaral ay maging mga Long-Term EL.

68. Ang Distrito ay magbibigay sa mga EL na kamakailan lamang naging mga imigrante ng konting paglulugran o walang paglulugaran para sa kahusayan sa English at/o sa SIFE sa landasin ng isang Newcomer o Bagong-salta.

69. Ang Distrito ay magbibigay sa lahat ng guro ng RL ng mga roster (listahan) ng mag-aaral sa kanilang mga silid-aralan. Ang mga roster ay magbibigay ng impormasyon tungkol



CONFIDENTIAL

sa mga EL sa pangalan ukol sa kanilang mga kasalukuyan at dating antas at sub-iskor sa CELDT, ang kanilang mga espesyal na katayuan sa edukasyon (kung may kabuluhan), at mga tipolohiya. Ang mga adminitrador ng site ay magbibigay ng suporta sa mga guro sa pag-intindi sa mga implikasyon sa pagtuturo ng mga datos na ito at sa pagharap sa pagpaplano ng leksyon upang maharap ang mga pangangailangan ng kanilang mga EL.

**B. <u>Mga Espesipikong Modelo ng Pagtuturo</u>**

70. Ang Distrito ay magbibigay ng isang portfolio ng mga landasin at mga serbisyong para sa pagtuturo, kasama ang mga landasing may pagtuturo ng pangunahing wika, at mga landasing English lamang ang gagamitin sa pagtuturo. (*Tingnan* ang EL Program Guide sa Appendix ng dokumentong ito para sa mga paglalarawan ng kasalukuyang landasin). Ang mga EL ay magkakaroon ng akses sa mga sumusunod na landasin ng pagtuturo at mga serbisyo, kasama ng iba pa:

a. Dual Language Immersion Pathway (Landasing Imersyon sa Dalawang Wika)

b. Biliteracy Pathway (Landasing Matututong Magbasa at Magsulat sa Dalawang Wika);

c. English Plus Pathway (Landasing English at Dadagdagan Pa);

d. Newcomer Pathway (Landasing para sa Bagong-salta) kasama ang mga serbisyo para sa SIFE;

e. Mga serbisyo para sa mga Newcomer o Bagong-salta; at

f. mga serbisyo para sa mga Long-Term EL.

CONFIDENTIAL

Ang mga serbisyo sa ilalim ng mga Talata 70(d) at (f) sa itaas ay ilalagay sa mga landasing inilarawan sa Talata 70(a)-(c).

71. Ang Distrito ay magbibigay ng mga kasalukuyang deskripsyon ng bawat landasin at mga serbisyo sa taunang publikasyon ng EL Program Guide, at magkakaroon na nito sa lahat ng mga site ng paaralan, sa Educational Placement Center, at sa website ng Distrito, sa Mga Pangunahing Wika sa Distrito.

72. Gagamit ang Distrito ng mga naririto nang datos, ng proseso ng pagmomonitor na inilarawan sa Talata 102, pati na ang mga taunang awdit, upang maharap ang konsistent at epektibong probisyon ng mga serbisyo para sa EL. Maaaring hingin ng Distrito na modipikahin o alisin ang isa o higit pang mga landasing tinukoy dito dahil sa mga pagbabago sa mga demograpiko ng Distrito, sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga EL sa Ditrito, at/o sa ebalwasyon ng Distrito sa pagka-epektibo ng iba't ibang mga landasin. Sa pagdedesisyon na makabuluhang mapalitan o maalis ang isang landasin, isasaalang-alang ng Distrito ang mga puna o komento mula sa komunidad ng SFUSD, kasama ang mga kawani; mga mag-aaral na EL at mga pamilya; mga miyembro ng komunidad; DELAC, BCC, o iba pang mga interesadong indibidwal na organisasyon; at ang mga napag-alaman ng mga mananaliksik sa akademika sa larangan ng edukasyon ng EL. Kung, batay sa mga prinsipyo na binalangkas sa itaas, ang Distrito ay nagdesisyong makabuluhang palitan o alisin ang isa o higit pa sa mga landasin nito o mga serbisyo, ang Distrito ay magbibigay sa mga Nagsasakdal ng 45 araw upang balik-aralin at komentuhan ang mga naturang panukalang alterasyon. Ang "makabuluhang palitan" ay nangangahulugan na ang Distrito ay nagpapalit ng kanyang mga lansadin at serbisyo sa isang paraang mabibigong tugunan ang mga ("Requirements for all Instructional Models" o "Iniaatas para sa lahat ng mga Modelo ng Pagtuturo") na binalangkas sa mga Talata 61-69 sa itaas. Ang

CONFIDENTIAL

Distrito at ang mga Nagsasakdal ay magkakasamang kikilos nang may mabuting layunin upang maresolba ang anumang mga hindi pagkakasunduan ukol sa panukalang alterasyon.  Kung ang Distrito at ang mga Nagasasakdal ay hindi makapagresolba ng anumang mga hindi pagkakasunduan sa loob ng 45 araw pagkatapos ng inisyal na 45 araw na panahon ng pagbabalik-aral (kabuuang 90 araw), maaaring piliin ng sinumang partido na pumunta sa hukuman upang maresolbahan ang hindi pagkakasunduan. Sa salungat na aksyon ng Absent na Hukuman, ang  Distrito ay magkakaroon ng awtoridad na gawin ang kanyang mga alterasyon o eliminasyon nang hindi na isasaalang-alang ang anumang mga hindi naresolbang hindi pagkakasunduan.

**C. <u>Akses sa Gifted at Talentado</u>**

73. Gagawin ng Distrito ang mga sumusunod na hakbang upang tiyakin na ang mga EL ay may pantay-pantay na oportunidad na sumali sa Gifted and Talented Education ("GATE") (Edukasyon para sa Gifted at Talentado) sa hangganang magagamit:

a. <u>Magpapatupad ng mga pamamaraan upang tukuyin ang mga EL na kwalipikado para sa GATE</u>.  Ang Distrito ay magpapatupad, at magsasapanahon ayon sa naaangkop, ng mga nakasulat na pamamaraan para sa pagkilala ng mga EL sa bawat paaralan na maaaring may kakayahang makwalipika para sa GATE.  Isasama sa mga nakasulat na pamamaraan ang: (i) isang listahan ng mga makakapagsabi ng giftedness na hahanapin sa mga EL; (ii) mga nakasulat na paalala na ang mga EL ay maaaring karapat-dapat para sa mga serbisyo ng GATE sa ilalim ng mga panukat ng giftedness o talento na iba pa sa mga tradisyunal na panukat tulad ng mga nilagyan ng pamantayang mga iskor sa pagsusuri; (iii) mga nakasulat na paalala na ang kahusayan sa English ay hindi isang kriterya para sa pagkakarapat-dapat sa

GATE; at (iv) isang eksplanasyon ng mga proseso ng referral sa GATE. Ang Distrito ay magbibigay ng propesyunal na pag-unlad sa mga Coordinator (Tagapag-ugnay) ng GATE ukol sa mga pamamaraang ito taon-taon, at ang mga Coordinator ay magbibigay ng propesyunal na pag-unlad sa mga punong-guro at guro tungkol sa mga pamamaraang ito ayon sa pangangailangan.

b. Magsagawa ng pagkilala gamit ang GATE para sa mga EL. Bawat pangkat ng paaralan na nagsasagawa ng pagkilala ay magre-refer ng EL na karapat-dapat para sa GATE at mga hindi EL sa tanggapan ng GATE sa Distrito sa panahon ng ikalawang semestre ng bawat taon ng pagpasok, na siyang magkukumpleto sa proseso ng pagkilala. Bagama't ang pagsusuri ay isa lamang sa mga kriterya na hahantong sa pagkilala sa GATE, kung saan ang pagsusuri ang naaangkop na paraan upang makila na ang mga EL ay gifted o talentado, ang Distrito ay patuloy na gagamit ng Naglieri Cognitive Processing Test o ng katumbas nito. Isasaling-wika ng Distrito ang maiiksing tuntunin ng pagsusuri sa mga Pangunahing Wika at magbibigay ng mga tuntunin para sa mga wikang hindi masyadong marami ang gumagamit, kung hihilingin.

c. Ipatupad ang mga estratehiyang pang-outreach sa magulang/tagapagbantay. Ipatutupad ng Distrito ang mga estratehiyang pang-outreach sa mga magulang/tagapagbantay upang ipaalam sa mga magulang/tagapagbantay ng mga EL at sa mga magulang/tagapagbantay ng mga mag-aaral na LEP ang kanilang pangunahing wika sa programang GATE, kasama ang kung ano ang mga ipinagkakaloob ng programa, ang proseso ng referral, at kung paano makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa programa. Kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga estratehiyang ito ang pagpapaskil ng mga impormasyon tungkol sa mga Pangunahing Wika sa GATE sa website ng Distrito na maglalagay ng isang

CONFIDENTIAL

aytem tungkol sa programang GATE sa adyenda na hindi na bababa pa sa isang pulong ng DELAC taon-taon, at pagbibigay nito upang ipaskil ito ng mga kinatwan ng ELAC sa bulletin board ng magulang sa kani-kanilang mga kaukulang lugar ng paaralan.

d. Imonitor ang pagsali ng EL sa GATE. Susundan ng Distrito ang partisipasyon ng mga mag-aaral na EL sa GATE. Kung makikita sa mga nakolektang datos na ang mag-aaral na EL ay natukoy na para sa GATE sa antas na makabuluhang mas mababa sa kanilang representasyon sa populasyon ng mga mag-aaral sa Distrito, o ang mga mag-aaral na EL ay natukoy na karapat-dapat para sa GATE ay wala sa proposyong hindi nakasali sa GATE kumpara sa mga hindi EL na mag-aaral na natukoy na karapat-dapat para sa GATE, ang Distrito ay magsasagawa ng mga positibong hakbang upang pahusayin ang pagkilala nito sa El at ang mga antas ng partisipasyon, kabilang ang karagdagang outreach sa at edukasyon ng mga magulang/tagapagbantay ng mga mag-aaral na EL at mga magulang/tagapagbantay ng mga mag-aaral ng LEP ukol sa GATE.

**D. Student Success Teams (Mga Pangkat para sa Tagumpay ng Mag-aaral)**

74. Ang Student Success Teams ("SSTs") ng Distrito, na isang grupong nakabase sa site, ay konsistent na magpapatupad ng mga pamamaraan para sa mga interbensyon sa mga interbensyong kaugnay ng paunang referral bago ang referral para sa ebalwasyon ng espesyal na edukasyon na nagsasaalang-alang ng pang-linggwistika at pang-kultural na background ng mga mag-aaral, kasama ang paggawa ng mga sumusunod para sa mga mag-aaral na EL:

a. Magsasama nang hindi na bababa pa sa isang sertipikadong kawaning tauhan na may naaangkop na sertipikasyon ng EL batay sa mga iniaatas ng estado sa mga pulong ng SST para sa mga mga EL;

CONFIDENTIAL

b. Magtitiyak na kasama sa SST ang isang kawaning miyembro na may personal na kilalang EL. Kung ang isang kawaning miyemrbo na personal na kilala ng EL ay hindi makakarating sa pulong ng SST, isa pang iba pang miyembro ng SST ang sasangguni sa hindi na bababa pa sa isang naturang kawaning miyembro bago ang pulong;

c. Ganap na isinasaalang-alang ang background na wika, kasaysayan ng edukasyon, kasaysayang linggwistika (kasama ang mga iskor sa CELDT at ang mga resulta ng pagtatasa ng kahusayan sa wika saan man mayroon na), at mga isyu ng mga EL na may kaugnayan sa wika, kasama ang pagbabalik-aral ng: (i) akademikong progreso sa isang naaangkop na landasin ng EL; (ii) mga obserbasyon sa silid-aralan; (iii) mga sampol ng nagawa sa English at, saan man mayroon na, sa pangunahing wika; at (iv) mga kinalabasan ng mga interbensyong batay sa ebidensiya kapag gumagawa ng mga desisyong tulak ng mga datos upang masuri ang mga mag-aaral na EL para sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

d. Magbibigay ang Distrito ng mga propesyunal na pag-unlad sa mga SST Lead (Pinuno ng SST) (*halimbawa*, mga punong-guro, mga pangalawang punong-guro, mga punong tagapayo, mga social worker, at iba pa) sa mga nasa itaas na pamamaraan upang epektibong magabayan ang proseso ng SST.

**E. <u>Espesyal na Edukasyon</u>**

75. <u>Dalawahang Serbisyo.</u> Ang Distrito ay magbibigay ng parehong serbisyong espesyal na edukasyon at mga serbisyo para sa EL sa bawat EL SWD sa isang paraang naaangkop sa mga indibidwal na pangangailangan ng mag-aaral na EL. Walang EL na tatanggihan ng mga serbisyo para sa EL dahil sa uri ng katindihan ng kapansan ng mag-aaral, at walang EL na tatanggihan ng mga espesyal na serbisyong pang-edukasyon dahil sa kalagayan ng

CONFIDENTIAL

kanyang pagiging EL. Kung ang isang mag-aaral na EL ay nakitang karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon, ang mag-aaral ay patuloy na tatanggap ng mga serbisyong para sa EL at mga interbensyon dagdag pa sa mga serbisyong espesyal na edukasyon na binigyang-kahulugan sa IEP. Magbibigay ang Distrito ng parehong mga serbisyo gamit ang mga istruktura ng silid-aralan at mga estratehiyang dinisenyo upang punan ang kanilang mga obligasyon upang mabigyan ang mag-aaral ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon sa isang kapaligirang may pinakakonting restriksyon at may makahulugang akses sa programa ng Distrito sa pagtuturo. Tutuparin ng Distrito ang tungkuling ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng instruksyon at mga serbisyo mula sa mga naaangkop na kwalipikadong tauhan sa isang paraang sapat at maayos na nakakaharap sa parehong natukoy na wika at sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may kapansanan.

76. Ebalwasyon. Ang District's Special Education Departament (Departamento ng Distrito para sa Espesyal na Edukasyon) ang magiging responsable sa pagtutukoy, paghahanap kung nasaan, at pagsusuri ng mga EL na may kapansanan na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, kabilang na ang pagsasagawa ng mga sumusunod na hakbang:

a. Pagtatasa ng mga EL para sa pagkakarapat-dapat sa espesyal na edukasyon sa wika (o iba pang paraan ng komunikasyon) at sa form na pinakamalamang na magreresulta sa wastng impormasyon tungkol sa kung ano ang alam ng mag-aaral sa larangan ng akademika, sa pag-unlad, at sa pagganap, maliban na lamang kung malinaw na hindi ito maaari;

b. Pagsasagawa ng mga inisyal at mga kasunod na pagsusuri sa espesyal na edukasyon ng mga EL gamit ang mga sanay at kwalipikadong tauhan na mahusay sa pangunahing wika ng mag-aaral. Sa hangganang ang naturang mga tauhan ay kasalukuyang

CONFIDENTIAL

wala sa Distrito, gagawin ng Distrito ang pinakamatinding pagsusumikap nito upang mahanap kung nasaan at makuha ang mga serbisyo ng mga naturang tauhan sa pamamagitan ng mga kontrata o iba pang mga pamamaraan;

c. Pagtitiyak na ang mga pagtatasa at iba pang mga materyal para sa ebalwasyon ay balido at maaasahan kung isasaalang-alang ang kahusayan sa wika at background ng wika ng mag-aaral; at

d. Nag-iinterpret o nagsasaling-wika ng mga espesyal na ulat ukol sa ebalwasyon ng espesyal na edukasyon at pagtatasa ng mga materyal kaugnay ng pangunahing wika ng magulang/tagapagbantay ng mag-aaral.

77. <u>Prosesong IEP</u>. Gagawin ng Distrito ang mga sumusunod na hakbang upang matiyak na ang mga SWD ng EL ay tumanggap ng mga naaangkop na serbisyo at ang mga magulang/tagapagbantay ng LEP ay kasama sa prosesosng IEP:

a. *Paglikha ng IEP*:

i. Lahat ng nilikhang IEP para sa EL ay magdodokumento ng mga sumusunod:

- na ang mag-aaral ay isang EL;
- ng kahusayan sa English ng mag-aaral na EL;
- ng antas ng kahusayan ng mag-aaal sa pangunahing wika sa hangganang mayroon na;
- lahat ng mga akomodasyong may kaugnayan sa wika na kailangan para sa pagsusuri bilang pagsunod sa batas ng estado at sa batas pederal, kasama ang mga akomodasyong kailangan para sa mga instrumentong isinunod sa pamantayan;

CONFIDENTIAL

- anumang paggamit ng anumang proseso ng muling pagkaklasipika na isinunod sa indibidwal; at
- mga serbisyong ELD ng mag-aaral.

Titiyakin din ng Distrito na ang mga larangang pang-elektroniko para sa iniaatas na IEP ayon sa binalangkas sa "SEIS IEP at sa Reclassification Guidelines for Students Who Receive EL and Special Education Services" (SEIS IEP at sa Mga Gabay para sa Muling Pagkaklasipika ng mga Mag-aaral Na Tumatanggap ng mga Espesyal na Serbisyong Pang-edukasyon para sa EL) ay nakumpleto para sa bawat EL SWD.

ii. Magsasama ang pangkat ng IEP ng isang tao na makakapag-interpret ng mga implikasyon ng mga resulta ng ebalwasyon ng pagtuturo, kasama ang imormasyon upang matulungan ang pangkat na maintindihan ang epekto ng kapansanan sa mag-aaral ayon sa kaugnayan nito sa kanyang katayuan bilang EL.

iii. Magsasama ang mga IEP para sa mga EL ng mga naaangkop na layunin, mithiin, mga programa at serbisyo na may kaugnayan sa linggwistika, batay sa mga indibidwal na pangangailangan ng EL SWD.

iv. Magsasama ang mga pangkat ng IEP ng hindi na bababa pa sa isang sertipikadong tauhan ng kawani na may sertipikasyong EL batay sa mga iniaatas ng estado na makakatulong sa pangkat ng IEP sa pagtitiyak na ang mga serbisyong para sa espesyal na edukasyon na kailangan upang makapagbigay ng FAPE sa ilalim ng IDEA ay maaakses ng mag-aaral na EL, kung isasaalang-alang ang kanyang limitadong kahusayan sa English, at na ang mga serbisyong para sa EL na iniaatas ng Titulo VI at ng MCD na ito ay maaakses kung isasaalang-alang ang kanyang kapansanan.

CONFIDENTIAL

b. *Akses ng Mag-aaral na EL at ng Magulang/Tagapagbantay ng LEP sa prosesong IEP*:

i. Kapag pinasabihan ng Distrito ang isang magulang/tagapagbantay ng isang EL o ang isang magulang/tagapagbantay ng isang LEP ng isang pulong na IEP, ang pabatid ay nasa pangunahing wika ng magulang/tagapagbantay at pasasabihan ang magulang/tagapagbantay ng karapatang kumuha ng isang interpreter sa pulong ng IEP. Ang pabatid na ito ay magpapaliwanag sa magulang/tagapagbantay kung paanong hihiling ng isang interpreter. Kapag ang mga magulang/tagapagbantay ay nagsagawa na ng mga naturang kahilingan nang may makatuwirang pabatid, (*iyon ay,* nang hindi bababa sa tatlong araw bago ang pulong na IEP), magbibigay ang Distrito ng mga serbisyong interpretasyon sa mga pulong ng IEP.

ii. Magbibigay ang Distrito ng isang kopya ng template ng IEP na isinaling-wika nang hindi bababa sa limang araw bago ang pulong ng IEP sa mga magulang/tagapagbantay ng LEP na nagsasalita ng isa sa mga Pangunahing Wika ng Distrito. Sa o bago ang pulong ng IEP, ipapaalam ng Distrito sa magulang/tagapagbantay ang kanilang karapatang tumanggap ng isang isinaling-wikang kopya ng IEP. Pagkatapos ng pulong ng IEP, sa kahilingan ng isang magulang/tagapagbantay, ang Distrito ay magbibigay ng isang isinaling-wikang kopya ng nakumpletong IEP sa loob ng isang makatuwirang haba ng panahon, pero hindi na mahuhuli pa sa 10 araw kasunod ng pagtanggap ng Distrito ng kahilingan. Kung, magkagayunpaman, ang 10 araw na may trabaho ay hindi maaari dahil sa ang kahilingan ay para sa isang wikang konti lamang ang gumagamit o kakatwa ang pagka-komplikado, magbibigay ang Distrito ng isang isinaling-wikang kopya ng nakumpletong IP sa loob ng 20 araw na may trabaho kasunod ng pagtanggap ng Distrito ng kahilingan. Maaaring gumamit ang Distrito ng



CONFIDENTIAL

isang isinaling-wikang template para sa alinmang mga bahagi ng IEP na karaniwan sa lahat ng mga IEP.

iii. Ang Distrito ay magsasaling-wika ng iba pang mga dokumento na ibinigay sa mga magulang/tagapagbantay tungkol sa mga bagay-bagay na naibubunsad ng IDEA o ng Seksyon Section 504 (*halimbawa,* impormasyon ukol sa IEP o mga 504 na pulong at mga karapatang may kaugnayan sa mga pamamaraan) sa mga Pangunahing Wika, na konsistent sa obligayon nito na isaling-wika ang impormasyon sa ilalim ng MCD na ito.

iv. Bago ang at sa panahon ng pulong ng IEP, ipapaala-ala ng Distrito sa mga magulang/tagapagbantay ng LEP na maaari silang, bagama't hindi iniaatas, lumgada sa IEP sa naturang pulong. Ang paalala ng Distrito ay isasama sa isang pabatid ng pulong sa isang wikang naiintindihan ng mga magulang/tagapagbantay.

78. Pagtatago ng Rekord para sa mga EL SWD. Pananatilihin ng Distrito ang mga rekord nito para sa bawat EL SWD kabilang ang: isang online na profile na may impormasyon tungkol sa hiniling na interpretasyon o hiniling na wika ng magulang/tagapagbantay (at iba pang mga larangan ng SEIS na inilarawan sa Talata 77); isang online na bersyon ng IEP (nilalamang inilarawan sa talata 77); mga kopya ng pabatid ng pulong ng IEP; isang kopya ng IEP (may bersyong isinaling-wika kung angkop); mga pagtatasa; at iba pang mga may kabuluhang sumsusuportang mga dokumento.

79. Propesyunal na Pag-unlad. Magbibigay ang Distrito ng propesyunal na pag-unlad sa mga Administrador ng Site at sa mga manager para sa mga kaso ng IEP ukol sa mga pamamaraan ng IEP na binanggit sa itaas bago ang pagsisimula ng taon ng pagpasok 2015-2016 upang epektibong magabayan ang proseso ng IEP, at magbibigay ng propesyunal na pag-unlad

sa sinumang mga bagong Administrador ng Site at mga manager para sa mga kaso ng IEP sa loob ng anim na buwan na sila ay nalagay sa posisyon.

## VI. MGA KAWANING MAGTUTURO AT IBA PANG MGA TAUHAN

### A. Mga Kwalipikasyon, Pagkuha at Pagre-rekrut

80. Pananatilihin ng Distrito ang isang Board Policy (Patakaran ng Lupon) na nag-aatas sa lahat ng mga bagong guro na maging sertipikado para sa EL, at nagtatatag ng mga iniaatas para sa mga kasalukuyang guro na walang mga naaangkop na sertipikasyon para sa EL batay sa mga iniaatas ng estado upang makakuha ng naturang sertipikasyon.

81. Ang Distrito, sa pamamagitan ng Human Resources Departament ay magpapatuloy sa pagpapairal ng isang proseso ng pagre-rekrut na magtutukoy sa at uunahin ang mga aplikante para sa anumang posisyon sa pagtuturo na may isa o higit pa sa mga sumusunod na kwalipikasyon: naaangkop na sertipikasyon para sa EL batay sa mga iniaatas ng estado (*iyon ay*, sertipikasyong CLAD/BCLAD), nakapagpakita ng kahusayan sa pagtuturo sa mga EL, at may mataas na antas ng kakayahang may kaugnayan sa pagkakaroon ng dalawang wika/marunong bumasa at sumulat sa dalawang wika. Ang mga aplikante na wala ng mga kwalipikasyong ito ay aatasan, sa minimum, na mangakong magpapatala sa isang programa na makakapagbigay ng sertipikasyon bago kunin ng Distrito.

82. Ang Distrito, sa pamamagitan ng Human Resources Departament, ay gagamit ng mga estratehiya upang makapagtukoy at maka-akit ng iba't ibang mga tagapagturo na may dalawang wika. Ang mga estratehiyang ito ay magbabago at makikitungo sa mga nagbabagong pangyayari, at maaaring kasama ang:

CONFIDENTIAL

a. Pagtatatag ng mga matitibay na ugnayan sa mga lokal na institusyon ng mas mataas na edukasyon para sa pagre-rekrut ng mga kandidatong may hawak na awtorisasyong EL/Bilinggwal sa pamamagitan ng pag-aalok ng mga sesyon sa kampus kaugnay ng pagbibigay ng impormasyon, pagsali sa mga bilinggwal na kaganapang may kaugnayan sa networking at pagsasagawa ng mga piyesta ng trabaho o mga job fair na tumatarget sa mga kandidatong bilinggwal;

b. Pagpasok sa mga kasunduang Memorandum ng Pagkakaunawaan sa mga lokal na institusyon ng mas mataas na edukasyon upang palawakin ang mga District Intern Program (Programa ng Distrito para sa Intern). Ang malapit na ugnayan sa pagitan ng SFUSD at mga programa ng unibersidad ay magpapahintulot din sa Distrito na makapagdagdag sa pagpapabuti ng kurso upang ang mga kandidato para sa unibersidad ay makapagtapos nang may kinakailangang kasanayan na kailangan upang maging mga epektibong tagapagturo sa pangkalahatan, sa nagkakaiba-ibang paaralang urban ng Distrito;

c. Nagpapatakbo ng isang Para-to-Teacher program ("PTTP") upang isalugar ang mga guro na mula sa iba't ibang mga background sa mga lugar na may kakulangan;

d. Pagre-rekrut sa mga kaganapan na tatarget ng mga tagapagturong may maramihang wika.

e. Pagre-rekrut ng mga kandidato mula sa ibang bansa, iyon ay ang Programang Palitan ng Mehikanong Guro sa Departamento ng Edukasyon sa California (California Department of Education Mexican Teacher Program); at

f. Pagdiriwang ng mga Kaganapang kaugnay ng Bilinggwal na Networking (Bilingual Networking Events) upang magpakilala ng mga kandidato sa Landasin ng Distrito na may Maramihang Wika (District's Multilingual Pathways); kasama ang mga outreach sa lokal na

CONFIDENTIAL

kaanib na grupo, iyon ay ang The Chinese Teachers Association, Latin American Teachers Association, at iba pa.

g. Pagpapadala ng bilinggwal na anunsiyo ukol sa trabaho sa mga kaanib na grupo na may akses sa mga tagapagturong bilinggwal.

83. Ang Distrito, sa pamamagitan ng Human Resources Departament, ay gagamit ng isang proseso ng pagsasala at pakikipanayam na nagsasaalang-alang, kasama ng iba pang mga bagay, ng kakayahan ng isang kandidato na magsalita ng English at anumang iba pang makabuluhang target na wika, ng kanilang mga background sa pagtatrabaho kasama ang iba't ibang uri ng mga mag-aaral, kasama na ang mga English Learner, at ang kanilang antas ng sertipikasyon, ayon sa naaangkop batay sa partikular na posisyon at mga responsibilidad sa trabaho.

**B. <u>Propesyunal na Pag-undlad.</u>**

84. Ang Distrito ay magbibigay ng mga tauhang makikipagtulungan sa mga EL, kasama ang mga kawaning magtuturo at mga administrador sa antas ng paaralan at sa antas ng Distrito, na may propesyunal na pag-unlad upang matulungan sila sa pagpapaganap ng mga mga tungkuling inilarawan sa sa MCD na ito.

85. Dagdag pa sa anumang propesyunal na pag-unlad na natukoy saan man sa dokumentong ito, ang Distrito ay magbibigay ng mga sumusunod na propesyunal na pag-unlad, ayon sa uri ng empleyado:

a. <u>Mga Administrador sa Site sa Paaralan</u>.

i. *Itinalaga at Isinamang ELD.* Propesyunal na pag-unlad sa ilalim ng mga layunin ng ELD at sa pagpapatuloy ng pagpapahusay sa wika, ang itinalaga at isinamang mga patnubay sa ELD, at kung paanong kikilalanin at susuportahan ang ELD na itinalaga at

CONFIDENTIAL

isinama nang may kalidad, kasama ang kung paanong titiyakin na ang instruksyon ay nakalinya sa kasalukuyang itinalaga at isinamang mga pamantayan ng estado para sa ELD.

ii. *INSTRUKSYON SA PANGUNAHING WIKA.* Propesyunal na pag-unlad sa ilalim ng mga layunin ng pagtuturo ng pangunahing wika, mga pamantayan sa sining ng wika, mga pagtatasa sa pangunahing wika, at kung paano kikilalanin at susuportahan ang pagtuturo ng may kalidad na pagtuturo ng wika.

iii. *SDAIE*. Propesyunal na pag-unlad ukol sa mga naaangkop na gamit ng mga estratehiya ng SDAIE kaugnay ng mga kasalukuyang itinalaga at isinamang mga pamantayan ng estado sa ELD, at kung paanong kikilalanin at susuportahan ang may kalidad na pagtuturo gamit ang mga estratehiya ng SDAIE

b. <u>Mga Guro.</u>

i. *Itinalaga at Isinamang ELD.* Propesyunal na pag-unlad sa pagpapapairal ng mga naaangkop na kurikulum sa itinalaga at isinamang pagtuturo ng ELD na nakalinya sa mga pamantayan at mga estratehiya para sa pagtuturo, bilang bahagi ng pagpapatuloy ng pagpapahusay sa wika, naaangkop na paggu-grupo ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglalarawan ng antas ng kahusayan sa English, pagsasagawa ng mga pagtatasa kaugnay ng pagpapahusay sa wika, at pagharap sa lahat ng apat na larangan ng pagpapahusay sa wika. Isasama sa propesyunal na pag-unlad ang mga estratehiya at kagamitan para sa pag-iiba-iba ng mga pagtuturo para sa mga magkakaibang nag-aaral para matuto, kasama na ang mga mag-aaral na may mga kapansanan.

ii. *Pagtuturo ng Pangunahing Wika*. Propesyunal na pag-unlad sa pagpapapairal ng mga naaangkop na mga kurikulum sa pangunahing wika na nakalinya sa mga pamantayan at mga estratehiya para sa pagtuturo, mga pagtatasa sa pangunahing wika, at

pagharap sa: (I) apat na larangan ng pagpapahusay sa wika para sa pagtuturo ng wika/na matutong bumasa at sumulat, at (II) mga pamantayan ng nilalaman at wika sa akademika para sa pagtuturo ng paksang pag-aaralan. Isasama sa propesyunal na pag-unlad ang mga estratehiya at kagamitan para sa pag-iiba-iba ng mga pagtuturo para sa mga magkakaibang nag-aaral para matuto, kasama na ang mga mag-aaral na may mga kapansanan.

iii. *SDAIE*. Propesyunal na pag-unlad sa pagpapairal ng mga estratehiya sa pagtuturo ng SDAIE kaugnay ng kasalukuyang mga itinalaga at isinamang mga pamantayan ng estado sa ELD at mga gagawing pagharap sa nagkakaiba-ibang pagtuturo upang maharap ang nagkakaiba-ibang mga antas ng kahusayan sa English ng mga mag-aaral. Isasama sa propesyunal na pag-unlad ang mga estratehiya at kagamitan para sa pag-iiba-iba ng mga pagtuturo para sa mga magkakaibang nag-aaral para matuto, kasama na ang mga mag-aaral na may mga kapansanan.

iv. *EL SWD*. Ang Distrito ay magbibigay ng propesyunal na pag-unlad sa lahat ng guro na nagbibigay ng serbisyo sa mga EL SWD kaugnay ng mga naaangkop na estratehiya para sa pagtuturo ng mga EL SWD. Itataguyod ng Distrito ang mga kaganapang kaugnay ng propesyunal na pag-unlad para sa mga gurong ito sa buong taon sa lahat ng seksyon sa pagitan ng EL at ng probisyon ng serbisyong espesyal na edukasyon. Ididirekta rin ng Distrito ang mga site ng paaralan upang matiyak na ang espesyal na edukasyo at ang mga nagtuturong kawani ay sasali sa hindi bababa sa isang pinagsamang pulong para sa pagpaplano ukol sa mga serbisyo sa EL.

c. <u>Mga Tagapagsaling-wika at Interpreter</u>.

i. Pana-panahong iniaatas na propesyunal na pag-unlad para sa mga interpreter at tagapagsaling-wika ng Distrito, kasama ang isang pagpapaliwanag ng kanilang mga

tungkulin upang makapagbigay ng makahulugang akses sa impormasyon at upang isapanahon ang kanilang kaalaman sa natatatnging wika na may kaugnayan sa probisyon ng mga serbisyo.

## VII. MGA KOMUNIKASYON NG MAGULANG/TAGAPAGBANTAY, OUTREACH, AT ENGAGEMENT

### A. Mga Komunikasyon ng Magulang/Tagapagbantay

86. Ang District's Multilingual Pathways Departament (Departamento para sa Landasing may Maramihang Wika), Translation and Interpretation Unit (Yunit para sa Pagsasaling-wika at Interpretasyon), Office of Family and Community Engagement (Tanggapan para sa Pagsasali ng Pamilya at Komunidad), at Office of Public Outreach and Communications (Tanggapan para sa Pampublikong Outreach at mga Komunikasyon) ay, nang indibidwal at nang sama-sama, magiging responsable sa pagtatasa, pakikipag-ugnayan, at pagbibigay ng mga serbisyong para sa komunikasyon, outreach, atnd engagement sa mga magulang/tagapagbantay ng mga mag-aaral na EL at mga magulang/tagapagbantay ng ELP.

87. Sa unang buwan ng bawat taon ng pagpasok, muling tatasahin ng Distrito ang mga grupo ng pangunahing wika sa komunidad ng magulang/tagapagbantay na LEP, gamit ang, sa minimum, mga datos mula sa HLS at Synergy, upang matiyak na may mga naaangkop na mapagkukunan ang mga kawani para sa pag-iinterpret at pagsasaling-wika para sa mga grupong ito ng wika, at upang muling matasa ang aplikasyon ng mga mapagkukunan para sa layuning ito.

88. Upang makapagbigay ng akses sa impormasyon sa lahat ng pamilya at makapagbigay sa mga magulang/tagapagbantay ng LEP nang may makahulugang akses sa katulad na impormasyong ibinibigay sa mga magulang/tagapagbantay na hindi LEP, ang Distrito ay magbibigay ng mga dokumentong madaling intindihin at serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon, sa pamamagitan ng mga kwalipikadong interpreter o mga tagapagbigay ng

CONFIDENTIAL

serbisyo ayon sa ipinakahulugan sa MCD na ito, sa pamamagitan ng Translation and Interpretation Unit ("TIU"), mga tauhang nasa mga site ng paaralan, at mga kontrata sa mga taga-labas na tagapagbigay ng serbisyo (saan man naaangkop) sa mga sumusunod na paraan:

a. Titiyakin ng Distrito, sa pamamagitan ng inaasahang pagtatapos ng MCD na ito (*tingnan ang* Talata 109), na ang lahat ng mahahalagang impormasyon na nasa mga dokumento, form, at komunikasyong ibinigay sa mga magulang/tagapagbantay ay naisaling-wika sa mga Pangunahing wika ng Distrito at naibigay sa mga magulang/tagapagbantay ng mga LEP sa Pangunahing Wika, sa katulad na paraan kung saan ang mahahalagang impormasyon ay ibinigay sa mga magulang/tagapagbantay ng hindi LEP (*halimbawa*, ipinamahagi sa isa o sa lahat ng mga site ng paaralan, sa Tanggapan ng Distrito, na ipinaskil sa website ng Distrito, o ipinadala sa pamamagitan ng koreo sa mga magulang/tagapagbantay). Sa hangganan na ang mga naturang dokumento ay nakapagbigay ng pabatid ukol sa mga kaganapan o kun'di man ay maselan ang oras, titiyakin ng Distrito na ang mga naturang dokumento ay ibinigay sa loob ng isang panahong nagbibigay ng sapat na panahon na makapagpabatid at makatugon. Uunahin ng Distrito ang pagsasaling-wika ng mga hindi naisaling-wikang mahahalagang impormasyon sa antas ng Distrito sa Chinese at Spanish sa katapusan ng taon ng pagpasok 2015-2016. Sa hangganang ang mga mapagkukunan ng Distrito para sa pagsasaling-wika sa pagtatapos nito ay maiidirekta nang may makabuluhang bahagi sa mga Pangunahing wika, sa naturang paraan ididirekta ng Distrito ang mga mapagkukunan nito.

b. Mabilis na magbibigay ang Distrito sa mga magulang/tagapagbantay ng LEP, nagsasalita man sila ng isa sa mga Pangunahing Wika o iba pang mga wika, ng naaangkop na nakasulat na mga pagsasaling-wika o pabigkas na interpretasyon ng lahat ng mga mahahalagang impormasyong nasa mga dokumento, form, at komunikasyong ibinibigay sa mga

CONFIDENTIAL

magulang/tagapagbantay sa isang wikang naiintindihan ng mga magulang/tagapagbantay ng LEP, aliman ng kapag hiniling ng magulang/tagapagbantay ng LEP o kung ang pangangailangan sa naturang pagsasaling-wika o interpretasyo ay nagkaroon na ng linaw. Dodokumentuhan ng Distrito ang lahat ng mga naturang kahilingan at maaaring pumili ng tagapagbigay ng serbisyo upang masapatan ang mga naturang kahilingan basta't ang mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon ay ibinibigay ng mga kwalipikadong interpreter at tagapagsaling-wika. Gamit ang rekord ng Distrito ng mga kahilingan ng magulang para sa saling-wika ng mga nakasulat na materyal, mamamahagi ang Distrito ng impormasyon sa mga magulang sa pamamagitan ng mga paaralan.

c. Ang Distrito ay magbibigay ng mga patnubay sa mga administrador at kawani para sa pagtitiyak ng de-kalidad na pagsasaling-wika at mga serbisyong interpretasyon na nagpapaliwanag ng mga iniaatas ng mga nakapailalim na talatang (a) at (b) sa itaas, at kasama rin ang mga sumusunod na komponente, (i) isang protokol na interprestasyon para sa mga sitwasyong emergency; (ii) mga magagamit nang serbisyong ibinibigay ng TIU; (iii) paalala sa lahat ng mga kawani na ang mga inidibidwal na hindi kwalipikadong interpreter ng Distrito, kasama ang mga mag-aaral at iba pang mga bata, ay hindi maaaring asahang makapagbigay ng pasalitang interpretasyon, maliban sa mga sitwasyong emergency; at (iv) mga pabatid at mga form para sa magulang/tagapagbantay tungkol sa kung mayroon nang mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon.

d. Ang Distrito ay magpapanatili ng isang wasto at kasalukuyang roster ng mga handang tauhan sa bawat gusali na nasanay na upang makapaglingkod bilang mga kwalipikadong interpreter at tagapagsaling-wika, kasama ang mga guro ng BCLAD, kasama ang kasalukuyang impormasyon kung paano sila makokontak. Ipamamahagi ng Distrito ang

CONFIDENTIAL

listahang ito sa lahat ng site, at bawat punong-guro at sekretarya ng paaralan ay magbibigay ng listahan sa lahat ng tauhan ng paaralan at sa bawat paaralan. Isasapanahon ng Distrito at ipapamahagi ang listahang ito nang hindi na bababa pa nang taunan, sa pagsisimula ng semestre ng Taglagas (Fall) at Tagsibol (Spring) ng bawat taon ng pagpasok.

e. Papasok ang Distrito sa isang kontrata na mabilis na pagbibigay ng kwalipikadong personal na serbisyo ng interpreter sa telepono para sa mga wikang iba pa sa Spanish at Chinese. Ang Distrito ay magbibigay ng akses sa mga serbisyong ito bilang pagtugon sa kahilingan ng punong-guro, sa hangganang ang pondo ay nariyan na, konsistent sa mga iniaatas ng MCD na ito. Pananatilihin ng Distrito ang isang rekord ng mga kahilingan na hindi maasikaso dahil sa pondo o iba pang mga dahilan.

f. Ang District Translation Guidelines (Mga Gabay ng Distrito para sa Pagsasaling-wika) ay magtuturo sa mga empleyado sa bawat paaralan na kontakin ang punong-guro o ang nagdisenyo upang makakuha ng mga serbisyong pagsasaling-wika o interpretasyon para sa mahahalagang impormasyon. Papayuhan ng Distrito ang mga punong-guro at mga nagdisenyo na ang isang paaralan ay dapat na maghanap ng tulong para sa mga pangangailangan sa pagsasaling-wika at interpretasyon sa mismong lugar mula sa kanilang roster ayon sa pangangailangan, at kontakin ang TIU kung ang mga naturang mapagkukunan ay wala sa mismong lugar.

g. Kung ang isang magulang/tagapagbantay ng LEP ay humiling ng isang miyembro ng pamilya na nasa hustong gulang na o ng isang kaibigang nasa hustong gulang na na magbigay ng interpretasyon para sa isang komunikasyon sa Distrito o sa isa sa mga paaralan nito, ang Distrito ay kailangang magbigay ng isang interpreter sa pamamagitan ng isang kwalipikadong Distrito o mga taga-labas na mapagkukunan para sa lahat ng mahahalagang



CONFIDENTIAL

impormasyon na nagbubunsod ng isang potensyal na salungat sa interes, tulad ng kustodiya o mga utos na nagbabawal na maaaring naglilimita sa akses ng kaibigan o kamag-anak sa impormasyon ukol sa mag-aaral. Ang Distrito ay hindi gagamit ng pamilya o mga kaibigan ng mga magulang/tagapagbantay ng LEP o mga anak o mga mag-aaral para sa mga nakasulat na pagsasaling-wika ng mga dokumentong mula sa Distrito o sa paaralan.

h. Ang Distrito ay magrerekord ng tugon ng mga magulang/tagapagbantay sa tanong na nasa Home Language Survey (Survey sa Wika sa Tahanan), o sa katumbas nito, ukol sa kung ang magulang/tagapagbantay ba ay gusto ng nakasulat at/o ng pasalitang mga komunikasyon na isinaling-wika sa isang wika na bukod pa sa English sa database ng impormasyon ukol sa mag-aaral sa Distrito, na naa-akses ng mga lugar ng paaralan.

89. Ang Distrito ay lilikha ng isang nakasulat na pabatid sa mga Pangunahing Wika ng Distrito tungkol sa mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon na inilarawan sa itaas at nasa mga lugar ng paaralan at sa pamamagitan ng TIU. Isasama sa pabatid ang impormasyon tungkol sa mga serbisyong inilarawan sa itaas, kasama ang kung paano hihiling ng mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon, nagbibigay ng mga tuntunin sa pagpuno ng Primary Language Assistance Request Form (Form ng Kahilingan para sa Tulong sa Pangunahing Wika), at nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paanong maghain ng isang reklamo ukol sa mga naturang serbisyo. Ang pabatid ay ipapaskil sa mga sentral na tanggapan ng Distrito, at sa bawat lugar ng paaralan. Ang pabatid ay isasama sa Student and Parent/Guardian Handbook (Librito ng Mag-aaral at Magulang/Tagapagbantay) na ipinamamahagi sa bawat pamilya, kasama sa bawat EL Program Guide na ipinapadala sa tahanan ng bawat pamilyang EL, at ipiinapaskil sa website ng Distrito na nasa mga pangunahing wika ng Distrito.

CONFIDENTIAL

90. Ipamamahagi ng Distrito ang isang Primary Language Assistance Request Form sa mga magulang/tagapagbantay upang gamitin para humiling ng suportang pagsasaling wika/interpretasyon sa mga lugar ng paaralan. Ang form ay nasa mga Pangunahing Wika ng Distrito sa mga sentral na tanggapan ng Distrito tulad ng Office of Family and Community Engagement at Education Placement Center (Tanggapan para sa Pagsasali ng Pamilya at Komunidad at Sentro para sa Pagsasalugar ng Edukasyon); sa mga lugar ng paaralan; sa Student and Parent/Guardian Handbook; at sa website ng Distrito. Isasama sa form ng kahilingan ang impormasyon tungkol sa kung saan ibabalik ang form, saan kukuha ng karagdagang impormasyon ukol sa mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon, at na ang mga naturang serbisyo ay ibinibigay nang libre sa magulang/tagapagbantay.

91. Ang Distrito ay magbibigay ng isang EL Program Guide sa website nito, na nasa mga Pangunahing Wika ng Distrito, kung saan kasama ang impormasyon tungkol sa mga modelo ng programa at mga layunin nito. Ang EL Program Guide, Enrollment Guide, at ang website ng Distrito ay magbibigay sa mga magulang/tagapagbantay ng isang numero ng telepono at email ng tauhan (mga tauhang) kawani na handang magbigay ng karagdagang tulong upang maintindihan ng mga programa ng Distrito sa EL na nasa mga pangunahing wika ng Distrito.

92. Ang Distrito, sa pamamagitan ng MPD, ay magtitiyak na ang mga wastong paglalarawan ng mga landasin at programa para sa EL, kasama ang impormasyon tungkol sa mga implikasyon para sa naaangkop na pagsasalugar ng mag-aaral, ay kasama sa SFUSD EL Program Guide, na ilalagay sa mga Pangunahing Wika ng Distrito. Gagawin ng EPC ang pinakamahusay nitong pagsusumikap upang makapaglabas ng naisaling-wikang Enrollment Guide at mga deskripsyon ng mga programa para sa EL sa katulad na panahon ng mga bersyong English ng mga dokumentong ito.

CONFIDENTIAL

93. Gagawa ang Distrito at magpapairal ng isang sistema ng pagtunton ng impormasyon tungkol sa mga hiniling na serbisyo ng interpreter at tagapagsaling-wika, kasama ang pangunahing wika ng kahilingan, petsa ng kahilingan, at petsa nang ang mga serbisyo ay ibinigay. Nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon, susuriin ng Distrito ang impormasyong ito upang matasa ang kasapatan ng mga pagsusumikap ng Distrito na matugunan ang mga pangangailangan ng mga magulang/tagapagbantay ng LEP sa komunikasyon sa isang paraang napapanahon at epektibo. Gagamit ang Distrito ng: (a) mga form para sa ebalwasyon; (b) mga impormasyong nakuha mula sa BCC, ELAC/DELAC, Community Liaisons, at mga organisasyon ng mga magulang; at (c) mga pangunahing survey, upang madetermina ang pagka-epektibo ng mga serbisyo ng interpreter at tagapagsaling-wika, at upang madetermina kung ang propesyunal na pag-unlad o mga modipikasyon ay kailangan.

94. Ang Distrito ay magbibigay sa Tanggapan ng Distrito at sa mga kawaning naka-base sa paaralan ng isang imbentaryo ng mga isinaling-wikang dokumento ng Distrito na nasa website ng Distrito, at lilikha ng isang nasasaliksik na pampublikong bersyon ng naturang imbentaryo ng dokumento na ipapaskil sa mga Pangunahing Wika ng Distrito sa website ng Distrito.

**B. <u>Outreach at Engagement ng Magulang/Tagapagbantay</u>**

95. Ang Distrito, sa pamamagitan ng MPD, ay makikipagtulungan sa DELAC at sa mga ELAC upang matiyak na ang mga magulang/tagapagbantay ng mga EL ay tatanggap ng at maiintindihan ang sapat na impormasyon tungkol sa kung paanong isinasagawa ang pagsasalugar ng EL, at ng tungkol sa mga landasing magagamit na ng EL, kasama ang impormasyon tungkol sa kanilang mga layunin, istruktura, at haba ng panahon. Ang Distrito ay lilikha rin ng isang protokol ng oryentasyon sa mismong lugar ng paaralan kung saan kasama ang mga naaangkop



CONFIDENTIAL

na impormasyon para mga magulang ng mga mag-aaral na EL ukol sa mga programa at serbisyo para sa mga mag-aaral na EL, ang CELDT, kriterya sa muling pagkaklasipika, at instruksyon para sa EL.

96. Upang maitatag ang mga kapasidad ng mga ELAC at DELAC na naka-base sa mismong lugar o site, nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon, ang Distrito ay magbibigay ng impormasyon sa mga kawaning naka-base sa site ELAC/sa DELAC tungkol sa: (a) wastong pagbuo sa mga ELAC/sa DELAC; (b) epektibong mga estratehiya sa pagre-rekrut para sa ELAC/DELAC upang makamit ang pinakamagandang representasyon at pagsali ng magulang/tagapagbantay; (c) wastong eleksyon ng mga miyembro at mga opisyal ng ELAC/DELAC; (d) wastong tungkulin ng mga ELAC/ng DELAC; atnd (e) mga protokol na susundin ng mga magulang/tagapagbantay upang makakuha ng mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon nang walang bayad.

97. Nang hindi bababa sa dalawang beses taon-taon, ang Distrito ay magsasagawa ng isang porum ng komunidad kung saan sasabihan nito ang publiko ng tungkol sa katayuan ng mga landasin ng EL sa Distrito. Ang administrador na nangangasiwa ng probisyon ng edukasyong may maramihang wika sa Distrito, at iba pang mga naaangkop na administrador ng Distrito, ay sasali sa porum, at: (a) manghihingi ng pampublikong komento ukol sa mga landasin ng Distrito; at (b) sasagutin ang mga tanong tungkol sa mga landasin mula sa mga miyembro ng publiko. Isasali ng Distrito ang DELAC, ang BCC at iba pang mga grupo sa komunidad na naglilingkod sa mga imigrante at sa mga komunidad ng LEP upang suportahan at tulungan ang mga pagsusumikap sa outreach para sa porum.



CONFIDENTIAL

## VIII. HUKUMAN AT MGA PAARALAN NG COUNTY

98. Ang MCD na ito ay naaangkop sa hukuman at sa mga paaralan ng county sa lahat ng pagsasaalang-alang, maliban sa hangganang ang Distrito ay hindi maayos na nakapagpaganap ng mga tukoy na probisyon ng MCD na ito sa hukuman at sa mga paaralan ng county dahil: (a) ang proseso ay hindi mangyayari sa katulad na paraan ng sa mga paaralan (iyon ay, ang pagpapatala ng mga mag-aaral na pumapasok sa Distrito sa unang pagkakataon sa pamamagitan ng hukuman o mga paaralan ng county ay hindi mangyayari sa EPC); (b) wala naman ang mga sinangguning programa sa mga paaralan (iyon ay, ang mga paaralang ito ay hindi nag-aalok ng mga landasin ng EL at hindi nag-aalok ng GATE); or (c) ang probisyon ng isang serbisyo ay pansamantalang inihinto para sa mga kadahilanang may kaugnayan sa kaligtasan.

99. Ang aplikasyon ng MCD na ito sa hukuman at mga county ng paaralan ay hindi inilaan upang limitahan ang mga paggamit ng propesyunal na paghuhusga ng mga tauhang nagpapatupad ng batas, at hindi rin upang pigilan ito, nang kasabay ng mga tauhan ng SFUSD, mula sa pagsasagawa ng mga kailangang hakbang upang protektahan ang kaligtasang pisikal ng mga mag-aaral o ng mga tauhan ng paaralan, o ang kaligtasan ng publiko.

100. Ang Distrito ay mangangalap ng isang Memorandum of Understanding ("MOU") (Memorandum ng Pagkakaunawaan) sa mga katuwang na pampublikong ahensiya kung saan ibabahagi nito ang responsibilidad para sa pagpapatakbo ng hukuman at ng mga paaralan ng county upang matiyak na matutugunan ng Distrito ang mga obligasyon nito sa ilalim ng MCD na ito.

## IX. PAGMOMONITOR

101. Internal Oversight Committee (Komite para sa Internal na Pagbabantay).

CONFIDENTIAL

a. Ang Distrito ay magmementina ng Internal Oversight Committee ("IOC") upang pangasiwaan ang implementasyo ng SFUSD sa MCD na ito. Ang Komite ay pamumunuan ng Deputy Superintendent for Instruction, Innovation and Social Justice (Deputadong Superintendente para sa Pagtuturo, Inobasyon at Katarungang Panlipunan), at siyang pangangasiwain, sa isang bahagi, ng pagtitiyak na ang mga gawaing kaugnay ng pagmomonitor ay inihabi sa kasalukuyang umiiral na mga pananagutan at mga gawing may kaugnayan sa pagmomonitor at mga istruktura ng Distrito. Tutukuyin din ng IOC ang mga epektibong gamit ng mga pederal na pondo at mga pondo ng estado at gagawa ng mga patnubay para sa mga administrador at mga konseho ng lugar ng paaralan upang suportahan ang pagpapatupad ng mga epektibong gawi.

b. Upang mapahusay ang pagtuturo sa mga EL at mapanatiling epektibo at makabuluhan ang MCD, ang Komite ay mangongolekta, magsusuri, at gagamit ng impormasyon mula sa protokol ng obserbasyon, mga resulta ng awdit, at mga datos ng ebalwasyon upang: (i) magplano ng propesyunal na pag-unlad; (ii) magtukoy ng mga epektibong programa sa EL sa Distrito; (iv) determinahin ang pinaka-epktibong paggamit ng mga pinagkukunan ng pondo ng EL; (v) isapanahon ang Protokol ng Obserbasyon ayon sa pangangailangan; at (vi) ipaalam ang paggawa ng mga patakran ng Distrito at mga planong pang-akademika ng site.

c. Ang IOC at ang BCC ay sasali sa isang patuloy na nangyayaring dayalogo sa buong taon kasama ang parehong BCC at ang DELAC. Nang hindi bababa sa isang beses taunan, ang IOC ay mag-iimbita ng isang kinatawan mula sa BCC o DELAC upang gumawa ng ulat, nang pasalita o pasulat, sa IOC tungkol sa mga alalahanin o tanong ng BCC o DELAC, sa naturang pagkakasunod-sunod ukol sa implementasyon ng MCD, at mga rekomendasyon para sa



CONFIDENTIAL

pagpapahusay ng programa ng Distrito para sa edukasyong may maramihang wika. Dagdag pa rito, ang opisyal ng Distrito na nangangasiwa ng probisyon ng edukasyong may maramihang wika sa Distrito ay, sa unang pulong ng BCC kasunod ng bawat pulong ng IOC, mag-uulat sa BCC ng tungkol sa mga bagay-bagay na hinarap sa pulong ng IOC at gagawin ang katulad na pag-uulat para sa DELAC.

d. Ang Internal Oversight Committee ng Distrito ay magsasagawa ng isang taunang internal na awdit kung saan kasama ang mga pagbisita sa mga lugar ng paaralan at ang pagbabalik-aral ng mga datos mula sa isang sapalarang seleksyon ng 8-10 mga site ng paaralan (hindi bababa sa 2 mataas na paaralan, hindi bababa sa 2 gitnang paaralan, hindi bababa sa 4 na paaralang elementarya). Para sa mga paaralang binisita, ang pangkat na nag-aawdit ay magtatasa ng mga sumusunod kasunod ng paggamit ng isang protokol ng obserbasyon: (i) pagkilala sa mga EL; (ii) pagtatasa at pagsasalugar ng mga EL (kasama ang mga EL SWD); (iii) pagiging konsistent at pagiging tapat ng iniaalok na mga programa ng landasin ng EL; (iv) may kalidad at pagiging konsistent ng mga itinalaga at isinamang ELD, SDAIE, at pagtuturo ng pangunahing wika para sa mga EL; (v) itinalaga at isinamang ELD, pangunahing wika, at mga pang-suplementong materyal ng SDAIE; (vi) akses ng EL sa espesyal na edukasyon at mga serbisyo ng GATE; (vii) pagmomonitor ng mga nakamit at tagumpay ng mga kasalukuyang mag-aaral ng EL at RFEP; (viii) propesyunal na pag-unlad para sa mga kawani ng EL; at (ix) pagsali at outreach ng magulang/tagapagbantay.

e. Batay sa mga resulta ng taunang internal na awdit, pagbabalik-aral ng mga ulat ng pagmomonitor, at mga datos ng ebalwasyon (kapag balido at maaasahan), ang IOC ay taunang magtatasa at gagawa, ayon sa naaangkop, ng mga bagong hakbang para sa implementasyon upang pagandahin ang mga programa ng Distrito para sa EL sa panahon ng

CONFIDENTIAL

susunod na taon ng akademika. Ang mga hakbang na ito para sa implementasyon ay isasama sa District Strategic Plan (Estratehikong Plano ng Distrito).

102. Dagdag pa sa pagmomonitor na inilarawan sa itaas ng IOC, ang Distrito ay gagawa ng iba pang mga karagdagang hakbang upang mamonitor ang implementasyon ng MCD na ito.

a. Sa loob ng 60 araw sa simula ng bawat taon ng pagpasok, ang Multilingual Pathways Departament ay magpapatakbo ng mga salansan ng mga datos upang imonitor kung ang mga karapat-dapat na EL ay naisalugar nang wasto sa isang Landasin ng EL at sa mga serbisyon (ayon sa naaangkop), kasama ang mga EL SWD. Isasama sa mga datos ang programa ng landasin, grade-level, at antas ng CELDT sa lahat ng lugar o site sa Distrito.

b. Ang Distrito ay magpapairal ng isang proseso ng Principal Support and Accountability (Suporta ng Punong-guro at Pananagutan) upang matiyak na ang mga programa ng landasin sa mga site ay epektibong naipatupad, nasuportahan, namonitor, at nasuri upang suportahan ang kakayahan ng EL na magkaroon ng naaangkop na progreso sa linggwistika at akademika. Sa prosesong binalangkas sa kasunduan sa sama-samang pakikipagtawaran ng San Francisco United Administrators, ang Distrito ay makikipagtulungan sa mga punong-guro upang isama ang mga hakbang na ito kaugnay ng pagkakaroon ng pananagutan sa mga protokol ng ebalwasyon ng punong-guro.

c. Sa loob ng 60 araw pagkapasok ng MCD na ito, sususugan ng Distrito ang kasalukuyan ninyong mga pang-administratibong regulasyon upang maging konsistent sa Personnel Recommendations & Rules Committee Guidance to Support BCC Composition and Conduct (Mga Rekomendasyon ng mga Tauhan at Gabay sa mga Patakaran ng Komite upang Suportahan ang Komposisyon at Paggawa ng BCC) ng Abril 8, 2014. Kung hihingin ng Distrito

CONFIDENTIAL

na palitan ang regulasyong pang-administratibo nito o ang anumang Board Policy ukol sa BCC, pasasabihan ng Distrito ang mga Nagsasakdal sa loob nang hindi bababa sa 30 araw bago ang anumang pagbabago sa patakarang pang-administratibo o bago magkabisa ang patakaran ng Lupon. Tutugon ang Distrito sa isang kasulatan sa anumang mga alalahaning inihain ng mga Nagsasakdal ukol sa anumang mga panukalang pagbabago sa Patakaran ng Lupon o sa mga regulasyon ng Distrito ukol sa BCC. Kung ang mga Nagsasakdal ay hindi nasiyahan sa tugon ng Distrito at naniniwala na ang mga pagbabago ay hindi konsistent sa Consent Decree, ang mga Nagsasakdal ay maaaring magsampa ng kanilang mga pagtutol sa Hukuman.

d. Susuportahan ng Distrito ang mga sumusunod na karagdagang entidad at proseso ng pagmomonitor:

i. <u>Ang Bilingual Community Council ("BCC") (Konseho ng Komunidad na may Dalawang Wika) bilang isang katawang tagapayo sa Lupon ay nagbibigay sa mga kawani ng suporta sa BCC at gumagawa ng mga presentasyon ukol sa EL Pathways at mga serbisyo.</u> Ang BCC ay magkakaroon ng oportunidad na magbalik-aral ng taunang ulat at maghain ng isang ulat ng minorya kung pipiliin ng karamihan ng bomoboto sa BC ang ganito. Sa hangganang magagawa nang praktikal, ang BCC at IOC ay magkasamang magsasagawa ng mga aspeto ng kani-kanilang mga kinaukulang pagmomonitor na makatuwirang magagawan ng pakikipag-ugnayan.

ii. <u>Mga pagbisita para sa pagmomonitor na isasagawa ng mga Nagsasakdal</u>. Ang mga Nagsasakdal ay magbibigay sa Distrito ng makatuwirang pabatid bago ang pagbisita at hindi magdudulot ng isang hindi nararapat na pahirap sa Distrito sa proseso ng pagmomonitor;



CONFIDENTIAL

iii. Pederal na programang pagmomonitor ayon sa iniatas ng California Departament of Education at ng United States Departament of Education; at

iv. Mga programang awdit sa Titulo III ayon sa iniatas ng United States Departamento of Education.

e. Sa taunang pagtatapos ng bawat taon ng pagpasok, ang Distrito ay magsasagawa ng isang survey ukol sa klima sa paaralan gamit ang isang sampol ng mga kinatawang mula sa mga Pamilya sa Distrito, alinman ng bilang bahagi ng iba pang survey o bilang isang pamantayang nagsosolong survey, upang madetermina kung ang mga patakaran bang may kaugnayan sa EL at mga pamamaraan ay: (i) naipararating nang epektibo; (ii) nakatutugon sa mga partikular na alalahanin ng mag-aaral na EL, ng kanilang mga magulang/tagapagbantay, at ng mga magulang/tagapagbantay ng LEP; at (iii) napapairal nang wasto ng mga guro, ng mga kawani, at mga administrador. Ang mga naturang survey ay ibibigay nang kumpidensiyal upang matiyak na ang mga EL at ang kanilang mga magulang/tagapagbantay at ang mga mga magulang/tagapagbantay ng LEP ay makakasali nang tapat sa mga naturang survey, kasama ang pagpapadali ng akses sa pamamagitan ng website ng Distrito, email, o mga kopya ng mga papeles ayon sa naaangkop. Isasama ng Distrito ang mga komento mula sa mga naturang survey sa alin mang mga taunang ulat, awdit, at mga planong aksyon na iniaatas o ipinaalam ng MCD na ito.

CONFIDENTIAL

## X. PAG-UULAT

103. Bago magsumite ng taunang ulat, tutukuyin ng Distrito ang anumang mga pagbabago sa mga sistema ng impormasyon ng mag-aaral nito na kailangan at magagawa upang matugunan ang mga iniaatas ng MCD na ito sa pag-uulat. Tinatanggap ng mga partido na anumang mga datos o impormasyon na mayroong mga datos na magpapakilala nang personal sa

mag-aaral o kawani ay ibibigay ng Distrito alinsunod sa mga naaangkop na batas pederal at batas ng estado, kasama ang Family Educational Rights and Privacy Act (Batas ukol sa mga Karapatan ng Pamilya sa Edukasyon at Pagkapribado), 20 U.S.C. § 1232g.

104. Isusumite ng Distrito ang mga taunang ulat sa mga Nagsasakdal, at ibabahagi ang mga ulat na iyon sa BCC, ipinapakita na ang mga pagsusumikap nito na makasunod sa mga probisyon ng MCD na ito ay magmomonitor ng pagsunod ng lahat ng paaralan. Magbibigay ang Distrito ng unang taunang ulat sa Oktubre 1 ng bawat taon, na ang huling araw ng unang ulat ay Oktubre 1, 2015. Kung ang alin man sa mga hinihinging impormasyon para sa taunang ulat sa isang partikular na tao ay naroon na sa isang dokumento na naihanda na ng Distrito upang makasunod sa patakarang No Child Left Behind Act (Batas na Nagsasabing Walang Dapat Mapag-iwanang Bata) (20 U.S.C. § 6301, et seq.) o iba pang batas pedereal, batas ng estado, o regulasyon, maaaring isama ng Distrito ang naturang dokumento sa taunang ulat nito at tukuyin ang seksyon ng taunang ulat kung saan naaangkop ang dokumento. Saan man magagawa nang paraktikal, lahat ng dokumento sa taunang ulat ay ibibigay sa isang form na magagamit at masasaliksik ng mga Nagsasakdal (*halimbawa,* Microsoft Excel, Microsoft Word). Isasama sa taunang ulat ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa naunang taon ng pagpasok:[6]

a. Isang tsart na nagpapakita ng:

i. Dami ng mga mag-aaral ayon sa pangunahing wika, grade level, at paaralan na ang pangunahing wika o wika sa tahanan ay iba pa sa English ayon sa HLS;

8. Sa pagbibigay ng impormasyong dinetalye sa ibaba, kung ang alin man sa mga patakaran sa antas ng Distrito o paaralan o mga dokumentong hiniling dito ay hindi nagbagao maliban ng para sa pagkomporme sa mga taunang awdit (*halimbawa,* pagbabagi ng petsa sa isang form ng pagpapatala para sa susunod na tao), hindi kailangang muling ibigay ng Distrito ang impormasyong ito, at sa halip ay maaaring magbigay ng isang listahan ng mga dokumento na hindi pa nagbagao sa nakaraang taon. Habang napapadagdag ang (mga) wika sa mga Pangunahing Wika ng Distrito, ang pag-uulat ng Distrito ay magsasama ng mga kopya ng mga dokumento na isinaling-wika sa lahat ng mga naturang wika.

CONFIDENTIAL

ii. Dami ng mga EL sa bawat paaralan ayon sa pangunahing wika, espesyal na kalagayan sa edukasyon, grade level, at programa ng EL;

iii. Dami ng mga mag-aaral (EL at hindi EL) sa bawat paaralan na ang mga magulang/tagapagbantay ay LEP (*halimbawa,* ayon sa mga sinabi sa mga sagot sa HLS, o ng katumbas nito) ayon sa wika ng magulang/tagapagbantay;

iv. Dami ng mga EL na piniling lumabas sa itinalagang ELD ng paaralan, grupo ng wika, at espesyal na kalagayan sa edukasyon, kung mayroon man:

v. Dami ng mga EL na hindi piniling lumabas, pero hindi tumatanggap ng (a) itinalagang ELD o ELD na nakasama sa ELA (iyon ay, ELA.6) o (b) itinalagang ELD sa mga pangunahing larangan ng nilalaman, ayon sa paaralan, pangunahing wika, at espesyal na kalagayan sa edukasyon, kung mayroon man:

vi. Isang kopya ng CALPADS 2.4 na ulat ng Distrito para sa Oktubre 1 ng bawat taon, o anumang kasunod na ulat ni iniaatas ng Departamento ng Edukasyon ng California kung saan kabilang makabuluhang katulad na impormasyon;

vii. Dami at porsiyento ayon sa paaralan na lumabas sa programa ng EL sa katapusan ng nakaraang taon ng pagpasok, batay sa kriterya ng Distrito sa muling pagkaklasipika, ayon sa grade level, grupo ng wika, programa ng EL, at kalagayan ng espesyal na edukasyon, kung mayroon man;

viii. Dami at porsiyento ng mga mag-aaral na RFEP na muling kinlasipika bilang EL, ayon sa grade level, paaralan, pangunahing wika, at kalagayan ng espesyal na edukasyon, kung mayroon man;

ix. Dami at porsiyento ng mga mag-aaral na EL, RFEP, IFEP at EO na nagkaroon ng iskor na o mataas pa sa mahusay sa pagtatasa sa Wikang English, Sining at



CONFIDENTIAL

Matematika sa buong estado noong nakaraang taon ayon sa grade level, programa ng EL (saan man angkop), paaralan, pangunahing wika, at kalagayan ng espesyal na edukasyon, kung mayroon man;

x. Dami at porsiyento ng mga mag-aaral na EL, RFEP, IFEP at EO na na nakapagtapos sa mataas na paaralan sa loob ng 4 na taon, ayon sa paaralan, pangunahing wika, programang EL (kung saan angkop), at kalagayan ng espesyal na edukasyon, kung mayroon man;

xi. Dami ng mga EL at mga RFEP ayon sa paaralan at pangunahing wika na: (a) naipadala sa espesyal na edukasyon; (b) nakitang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon; at (c) tumanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon. Kasama sa mga datos ng mga mag-aaral na ito ang: antas ng CELDT, pagkakarapat-dapat sa espesyal na edukasyon, deskripsyon ng espesyal na serbisyo ng edukasyon, at programa ng EL;

xii. Dami at porsiyento ng mga EL ayon sa paaralan, programa ng EL, at pangunahing wika, na (a) nakakuha ng isang pangkalahatang antas ng kahusayan sa CELDT, at (b) umabot sa antas na "English Proficient" (Mahusay sa English) sa CELDT;

xiii. Dami ng mga mag-aaral na EL, RFEP, IFEP, at EO ayon sa paaralan, grade level, at pangunahing wika na: (a) naipadala sa programang GATE, (b) nakitang karapat-dapat para sa GATE, at (c) sumali sa isang klase ng GATE;

xiv. Dami at porsiyento ng mga mag-aaral na EL, RFEP, IFEP, at EO ayon sa paaralan, grade level, at panguhaning wika na kumuha ng mga klaseng kaugnay ng advanced placement (mas maagang pagsasalugar) / honors programs (mga programang pagpaparangal), ayon sa paaralan;

CONFIDENTIAL

xv. Dami ng mga guro na itinalaga sa ELD, SDAIE, at pagtuturo ng pnagunahing wika at ang kanilang (mga) sertipikasyon sa pagtuturo at kahusayan sa wikang bukod pa sa English, kung naroon na, ayon sa paaralan;

xvi. Dami ng mga guro sa espesyal na edukasyon na: (a) sertipikadong EL, isinasaalang-alang ang lahat nilang sertipikasyon (*halimbawa,* ELD, BCLAD, o CLAD); o (b) kumikilos upang makakuha ng sertipikasyon EL, isinasaalang-alang ang hinahanap na sertipikasyon, ayon sa paaralan.

xvii. Dami ng mga paraprofessional na may dalawang wika ayon sa wika sa bawat paaralan na (a) tumutulong sa pagbibigay ng mga serbisyong EL at (b) tumulong sa pagbibigay ng mga serbisyo para sa EL sa mga EL SWD;

b. Isang kopya ng SFUSD Enrollment Guide, sa lahat ng wika na mayroon ito;

c. Isang kopya ng taunang Gabay sa Programa para sa English Learner kung saan kasama ang isang deskripsyon ng bawat landasin ng programang EL at listahan ng mga site o lugar na nagbibigay ng naturang landasin, sa lahat ng wikang mayroon doon;

d. Isang kopya ng mga pang-una at pang-huling pagtatasa na isinaalang-alang sa Talata 56(d)-(e);

e. Isang kopya ng mga gabay na ibinigay ng mga paaralan ayon sa Talata 65;

f. Isang kopya ng mga pinagsama-sama at pinaghiwa-hiwalay na mga datos na nakuha mula sa protokol para sa pagmomonitor na ginamit sa mga obserabsyon sa buong taon;

g. Isang kopya ng notipikasyon sa magulang/tagapagbantay bago ang pulong ng IEP, sa lahat ng wika na mayroon ito;

CONFIDENTIAL

h. Isang kopya ng template ng IEP, sa lahat ng wika na mayroon ito;

i. Isang deskripsyon ng mga pagsusumikap ng Distrito sa pagre-rekrut na iniaatas ng Talata 82;

j. Isang kopya ng pinagsama-sama at pinaghiwa-hiwalay na mga datos na nukuha mula sa sumusubaybay na protokol na ginamit sa mga obserbasyon sa buong taon;

k. Isang kopya ng taunang awdit ng mga programa ng EL sa Distrito;

l. Isang kopya ng taunang ebalwasyon ng Distrito ukol sa kasapatan ng mga serbisyo nito sa interpreter at tagapagsaling-wika batay sa sistema niyo ng pagtunton, mga form ng ebalwasyon, at mga pangunahing survey;

m. Isang buod ukol sa pagkakaroon ng ELD, katutubong wika, at mga pangsuplementong materyal para sa SDAIE sa Distrito para sa unang taon ng pagpasok at anumang iba pang mga plano ng Distrito upang makakuha ng karagdagang materyal para sa Distrito sa darating na taon ng pagpasok;

n. Isang ulat na gumagamit ng pagsusuring longitudinal cohort upang matukoy ang mga longitudinal na nauuso sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral na nakatala sa mga landasin at suriin ang pagka-epektibo gamit ang maramihang mga hakabng, kasama ang: (i) mga kinalabasan ng mag-aaral na EL at RFEP kaugnay ng pag-unlad sa kahusayan sa English at nakamit sa akademika (kasama ang pagtatapos o graduation, drop-out, at mga antas ng retensyon); at (ii) mga pagsusuri sa iba't ibang mga programa ng landasin upang matasa at maihambing ang pagganap ng mag-aaral sa iba't ibang mga programang landasin ng EL. Ang epekto ng programa ay susuriin para sa mga programa ng mga landasin na napairal na sa loob nang hindi bababa sa 3 taon. Lahat ng datos ay paghihiwa-hiwalayon ayon sa landasin, sa antas ng mag-aaral sa CELDT, a sa haba ng panahon sa programa;



CONFIDENTIAL

o. Muling pagkaklasipika ng mga resulta ng ebalwasyon at anumang mga susog sa kriterya ng Distrito sa muling pagkaklasipika (Tingnan ang mga Talata 57-60);

p. Isang isinapanahong listahan ng mga Pangunahing Wika at isang listahan ng mga wika na binalik-aral para sa mga layunin ng muling pagtatasa na isinaalang-alang sa Talata 87;

q. Isang kopya ng roster ng Distrito at mga kawani na paaralan na sinanay upang makapagbigay ng tulong sa pagsasaling-wika at pag-iinterpret  na iniaatas ng Talata (88)(d);

r. Ang kabuuang dami ng mga kahilingan sa Tanggapan ng Distrito para sa mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon, aling entidad (iyon ay, TIU, katuwang na organisasyon, serbisyong interpretasyon sa telepono) kapag ang mga serbisyo, ang dami ng mga naturang kahilingan na tinaggihan, at ang batayan kung bakit tinanggihan (*halimbawa,* hindi nakapagtukoy ng isang kwalipikadong interpreter para sa isang wikang konti lamang ang gumagamit);

s. Isang kopya ng Mga Gabay ng Distrito sa Pagsasaling Wika;

t. Isang listahan ng lahat ng kahilingan sa pagsasaling-wika sa IEP na hindi nakumpleto sa loob ng 10 araw na may trabaho, ayon sa pangunahing wika, sa dahilan kung bakit naantala, at sa dami ng araw na kinailangan upang makumpleto ito;

u. Isang kopya ng nakasulat na pabatid ukol sa mga serbisyong pagsasaling-wika at interpretasyon na iniaatas ng Talata 89;

v. Isang kopya ng Primary Language Assistance Request Form o Form ng Kahilingan para sa Tulong sa Pangunahing Wika ;

CONFIDENTIAL

w. Isang link o mag-uugnay sa imbentaryo ng mga dokumentong naisaling-wika na nasa website ng Distrito;

x. Isang listahan na nagpapaliwanag ng anumang mga hindi isinali sa MCD ayon sa Talata 98, ayo sa isyu, sa kung ano ang hindi isinali, petsa (mga petsa), at dahilan ng naturang hindi pagsasali;

y. Isang kopya ng Memorandum of Understanding o Memorandum ng Unawaan na inilarawan sa Talata 100, at isang deskripsyon ng mga ginawang pagsusumikap upang matugunan ang mga iniaatas ng Talata na ito;

z. Isang kopya ng anumang bagong regulasyong pang-administratibo ng Distrito na may kinalaman sa BCC;

aa. Isang tsart na naglilista ng lahat ng mga pormal na propesyunal na pag-unlad na isinagawa o ibinigay ng paaralan o tauhan ng Distrito ukol sa mga bagay-bagay sa MCD na ito, kabilang ang (mga) petsa, naaangkop na tagal ng panahon, maiiksing deskripsyon ng nilalaman, dami ng mga dumalo, at (mga) tagapagbigay/(mga) nagtuturo;

bb. Mga kopya ng lahat ng survey sa magulang/tagapagbantay at isang random na sampol ng mga resultang isinagawa alinsunod sa Talata 102(e) ng MCD na ito; at

cc. A link to the copy of any new or significantly amended documents that nagtataglay ng mahahalagang impormasyon, sa lahat ng wika na mayroon ang dokumento, at (i) kung hindi man ay isinaalang-alang sa mga iniaatas na ito, at (ii) nagpapahayag kung ang mga iyon man ay pinananatili sa isang clearinghouse o espasyo sa o sa pamamagitan ng website ng Distrito.

CONFIDENTIAL

## XI. PAGPAPAIRAL

105. Magmementina ng mga rekord ang Distrito ng lahat ng impormasyong may kahalagahan sa pagsunod sa mga tadhana ng MCD at magbibigay ng naturang impormasyon sa mga Nagsasakdal kapag hiniling. Upang mapabilis ang pagpapairal ng MCD, ang mga partido ay sumasang-ayon na magsasagawa ng isang kumperensiya sa telepono sa maagang bahagi ng Nobyembre ng bawat taon upang talakayin ang mga tanong o alalahanin tungkol sa ulat ng Lau.

106. Kinikilala ng Distrito na ang mga Nagsasakdal, sa pamamagitan ng kanilang mga kinatawan at/o sinumang mga konsultant o eksperto na maaaring panatilihin ng mga Nagsasakdal, ay maaaring makapagpanatili, magsagawa ng mga pagbabalik-aral sa site ng mga paaralan ng Distrito, upang masuri ang pagsunod sa MCD ayon sa itinakda sa Talata 102(d) kapag nakapagbigay na ng isang makatuwirang pabatid at sa pagsangguni sa Distrito upang mabawasan ang anumang pagkabuwag sa mga prosesong pang-edukasyon sa paaralan.

107. Kung ang alinmang bahagi ng MCD na ito ay itinuring na hindi balido sa anumang dahilan, labag sa batas, o kun'di man ay hindi maipatutupad ng isang hukumang may karampatang hurisdiksyon, ang naturang desisyon ay hindi makaka-apekto sa pagiging balido ng iba pang bahagi ng MCD. Dagdag pa rito, ang mga Partido ay maggagawad sa loob nang 15 araw ng anumang naturang desisyon upang madetermina kung ang MCD ba ay dapat na baguhin o dagdagan bilang pagtugon sa desisyon ng hukuman.

108. Nauunawaan at kinikilala ng Distrito na sa kaganapan ng isang paglabag ng Distrito sa MCD na ito, ang Estados Unidos o ang mga Pribadong Nagsasakdal ay maaaring magpasimuno ng mga panghukumang paglilitis upang maipatupad ang mga tukoy na pangako at mga obligasyon ng Distrito sa ilalim ng MCD na ito, basta't ang Estados Unidos at ang mga Pribadong Nagsasakdal ay sumang-ayon na hindi magpapasimuno o magpupursige ng anumang

CONFIDENTIAL

aksyong pagpapatupad nang hindi muna sinusubukang resolbahin ang mga isyu sa pamamagitan ng pakikipagnegosasyon nang may mabuting layunin sa loob ng 30 araw, o hanggang sa ang mga partido ay umabot sa isang hindi pagkakasundo, alinman ang mas maunang mangyari, sa kabila ng anumang mga sapat na hakbang upang iwasto ang anumang mga 'di-umano'y kakulangan ng Distrito sa pagsunod sa MCD na ito.

109. Magkakabisa ang MCD na ito sa petsa ng pagpasok nito at mananatiling may bisa hanggang sa ang Distrito ay sumunod sa mga obligasyon nito sa ilalim ng MCD, na inaasahan ng mga Partido sa taglagas ng taon ng pagpasok 2018-2019. Ang Estados Unidos at ang mga Nagsasakdal ay magkakaroon ng 90 araw mula sa pagtanggap ng taunang ulat ng 2017-2018 upang makapaghain ng mga alalahanin o pagtutol kaugnay ng pagsunod ng Distrito. Ang mga partido ay kikilos nang may mabuting layunin upang maresolba ang mga alalahanin o pagtutol. Kung, sa loob ng 90 araw pagkatanggap ng taunang ulat ng 2017-2018, ay walang partidong nakapaghain ng isang mosyon upang patagalin pa ang petsa ng Consent Decree batay sa mga alalahanin o pagtutol ukol sa pagsunod ng Distrito, ipapalagay ng Hukuman na ang mga Partido ay naglagay na sa kasulatan ng ukol sa pagtatapos ng MCD at ang MCD ay matatapos nang wala nang anumang karagdagang utos mula sa Hukuman.

IPINAG-UUTOS, ngayong 29 araw ng Hunyo, 2015.

United States District Judge

APRUBADO ANG PATUNGKOL SA FORM:

U.S. Department of Justice for Plaintiff-Intervenor
United States of America

CONFIDENTIAL

VANITA GUPTA
Principal Deputy Assistant Attorney General
Civil Rights Division

ANURIMA BHARGAVA, Chief
EMILY H. MCCARTHY, DC Bar # 463447
ZOE M. SAVITSKY, CA Bar # 281616
Educational Opportunities Section
Civil Rights Division
U.S. Department of Justice
950 Pennsylvania Avenue, NW
Patrick Henry Building, Suite 4300
Washington, D.C. 20530
Tel: (202) 305-3223
Fax: (202) 514-8337
anurima.bhargava@usdoj.gov
emily.mccarthy@usdoj.gov
zoe.savitsky@usdoj.gov

______________________________
CHRISTOPHER HO, CA Bar # 129845
For Plaintiff Kinney Kinmon Lau, et al.
Legal Aid Society-Employment Law Center
180 Montgomery Street, Suite 600
San Francisco, California 94104
Tel: (415) 864-8848
Fax: (415) 593-0096
cho@las-elc.org

______________________________
MARY T. HERNANDEZ, CA Bar # 136942
For Defendant San Francisco Unified School District
Garcia, Hernández, Sawhney & Bermudez LLP
1330 Broadway, Suite 1701
Oakland, California 94612
Tel: (510) 695-2802
Fax: (510) 380-7704
mhernandez@ghsblaw.com

CONFIDENTIAL